MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS

PLACIDO YAMBAO
Ang may akda

BUENAVENTURA MIRAFUENTE
Ang nagsaayos

MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS

ni

PLACIDO YAMBAO

at

ISINAAYOS

ni

BUENAVENTURA MIRAFUENTE

54273
UNIVERSITY OF SAN CARLOS
LIBRARY

U.P. PRESS, INC.
Diliman, Quezon City
1957

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

PAGPAPAKILALA

Ang nangasa larawan ay siyang gumanap at nagpakita ng sining ng arnis sa pamamagitan ng taga, saksak, at sangga na gaya ng makikita sa kabuuan ng aklat na ito:

G. PLACIDO YAMBAO

Ang may akda ng aklat; Guro sa larong arnis at isa sa mga nagtatag ng Kapisanang Dunong At Lakas (Tabak Ni Bonifacio, 1946); na binubuo ng mga manlalaro at mahilig sa larong arnis at naging pangulo ng nasabing kapisanan sa loob ng limang taon (1934-1938); Nagsimula sa paglalaro ng arnis noong 1925. Isa sa hanay ng mga mababuting manlalaro ng arnis. Maraming pinag-daanang labanan sa Olympic Stadium at sa iba't ibang lalawigan. May kati-bayan sa pagka guro (Diploma) na handog ng Magtanggol Sporting Club sa pamamahala ni G. Juaquin Galang; Pangunahing guro ng samahang nabanggit; at masipag na tagapagtaguyod ng anumang simulain sa kapakanan ng larong arnis; siya ang gumanap at nagpakilala ng iba't ibang uri ng sangga mula sa Ika-limang Abakada hanggang sa Ika-walo; siya rin ang gumanap at nagla-rawan ng mga taga, mula sa unang Abakada hanggang Ika-apat.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

G. BUENAVENTURA MIRAFUENTE

Nagsaayos ng aklat na ito upang maitumpak sa makabagong paraan ng pananandata; nagsimula ng paglalaro ng arnis mula pa nuong 1931; naging pangulo ng Lupon ng mga Guro ng Arnis ng Kapisanang Dunong at Lakas, 1931-1938; masipag na kasama sa lahat ng pook na pinagdarausan ng mga demostrasyon, paligsahan at mga labanan sa larong Arnis at masugid na tagapagtaguyod sa lahat ng kilusan sa ikasisigla at ikapagpapalaganap ng larong arnis; naging pangulo ng Kapisanan Dunong at Lakas nuong 1938-1943, at ng Tabak ni Bonifacio mula pa nuong 1949 hanggan sa ngayon; siya ang nangasiwa sa isang kahilingan na iniharap sa Hunta Munisipal ng Maynila nuong ika-29 ng Abril, 1954, at sa tulong ng nuon ay Konsehal ng Tundo na si Doctor Marciano Santos, at iba pang nagmagandang loob upang ang larong arnis ay ituro sa mga paaralan sa Matataas na Paaralan sa Lungsod ng Maynila. Ito'y napagtibay nuong ika-6 ng Agosto, 1954; siya ang naglarawan sa sining ng taga, mula sa Ika-limang Abakada hanggang Ika-walo at and sumasangga ay si ginoong Placido Yambao.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

G. LUIS CRUZ

Guro at dalubhasa sa sining ng larong arnis at may mahabang karanasan sa pagtuturo, sa mga demostrasion at mga paligsahan ng arnis sa iba't ibang bayan, lalawigan, at matataas na lipunan, paaralan at pamantasan mula pa nuong 1936; naging kalihim ng Kapisanan Dunong at Lakas at ng Tabak ni Bonifacio; siya ang gumanap at naglarawan ng sangga mula sa Unang Abakada hanggang Ika-apat, at ang kanyang kalaro na naglalarawan ng mga taga ay si G. Placido Yambao.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

G. JUAN ACLAN

Isa sa mga magigiting at batikang manlalaro ng arnis ng lalawigang Batangas; maraming pinagdaanang labanan sa iba't ibang bayan at lalawigan; masipag na kasama sa mga palaro at paligsahan ng larong arnis na idinaraus sa iba't ibang pook o panig nitong Luzon; naging kalihim ng Kapisanang Dunong at Lakas mula pa nuong 1929 hanggang 1948; siya ang gumanap sa paglalarawan ng iba't ibang anyo a ayos ng sangga mula sa Ika-siyam na Abakada hanggang ika-sampo (katapusan), samantalang ang naglalarawan ng mga taga ay si Ginoong Luis Cruz.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

G. FRANCISCO DE LA CRUZ

Nagsimula sa paglalaro ng arnis ng taong 1920; maraming pinagdaanang pakikipaglaban sa iba't ibang Bayan at nayon o pook na laging pinagdarausan ng mga labanan sa larong arnis; nagtatag ng Kapisanang Dunong at Lakas noong ika-26 ng Agosto ng 1927, na binubuo ng panay na manlalaro at mahilig sa larong ito; naging Guro at may mahabang karanasan sa pagtuturo at masipag na tagapagtaguyod ng anumang kilusan na ikasisigla at ikauunlad ng larong arnis.

MAIKLING KASAYSAYAN NG ARNIS

ni

BUENAVENTURA MIRAFUENTE

Dapat gawing pambansang laro sa Pilipinas ang Arnis

Ang arnis, na isang sining ng pagtatanggol sa sarili ng mga kaunahang Pilipino ay bakit hindi gawing pambansang laro sa Pilipinas? Katulad ng beisbol sa Amerika, "rugby" sa Inglaterra, "kendo at zumo" sa Hapon, at pakikipaglaban sa toro sa Espanya, a. i. p.

Sina Dr. Jose Rizal, Hen. Antonio Luna, Hen. Gregorio del Pilar, Gat Andres Bonifacio, Rev. Fr. Gregorio Aglipay, at iba pang mga bayani ng lahing kayumanggi ay pawang dalubhasa sa sining ng arnis. Bukod pa sa mga katangiang taglay ng sining na ito, ay nagbibigay din naman ng mahalagang tulong sa pagpapalakas ng katawan.

Ang arnis ay nakapagpapalaki ng dibdib at nakapagpapatibay ng baga. Ang sino mang manglalaro nito ay sapilitang naaalis ang taba sa tiyan, at ang mga karamdamang katulad ng pagka-nerbios, dyspepsya ay nawawala rin. Ang larong ito'y kawiliwiling panoorin, maging sa pagsasanay lamang at gayon din kung tunay na labanan. Kaya't ang sinumang manglalaro nito'y kusang bibilis ang mga mata, tatanaw sa agwat at anyo ng kalaban, ayos ng kanyang sandata, pagkuha ng panahon, at isip magpasiya sa haka ng kalaban. Ang kabuuan nito'y tanging matibay na kalasag sa pagsalakay at pagtatanggol sa sarili.

Namangha si Legaspi sa Arnis.

Noong 1564, pagkaraan ng mahigit na apatnapu't-tatlong taon simula ng matuklasan ang Kapuluang Pilipinas ni Don Fernando Magallanes, ay natagpuan ni Don Miguel Lopez de Legaspi at ng kanyang 380 sandatahang mga kastilang kawal ang mga katutubong mga tao dito na marurunong magsipaglaro ng larong arnis na katulad ng "espada y daga" ng Inglaterra.

Nang lumunsad si Legaspi sa Abuyog, Leyte, nuong kalagitnaan ng Pebrero 1564, siya at ang kanyang mga kawal ay nalugod at nagalak ng handugan sila ng piging ni Malitik, Punong kilala noon sa Leyte at ng kanyang anak na si Kamutuhan. Ang kasayahang ito sa karangalan ng maharlikang panauhin ay naging kasiya-siya sa kanila sapagka't ipinamalas ni Malitik sa kanila ang iba't ibang uri ng mga katutubong sayaw, buno at arnis na kilala sa tawag na KALI ng panahong iyon. Ito ang pinakamasayang bahagi ng palatuntunan.

Pagtatapos ng piging ay inihatid ni Kamutuhan si Legaspi sa Limasawa (Limasagua), at dito ay muli nilang nasaksihan ang larong kali (arnis) sa ginawang parangal sa kanila ng mga taga Abuyog. Nang dumating si Legaspi sa Kamiging (Camiguing) ng ika-11 ng Marzo ng 1564, ang larong ito ay siya ring isinalubong sa kanila ng mga mamamayan. Nang lumunsad sila sa pulo ng Bohol ang mga panauhin ay

masayang tinanggap ni Sikatuna, pinuno ng pulo, at siya'y tuloy nakipagsanduguan (blood-compact) sa nasabing Pinunong kawal ng mga kastila. Ang arnis, na pang-diwang laro ay muli na naman nilang nasaksihan bilang pinakamahalagang bahagi ng palatuntunan na inihandog sa kanila. Sa Dapitan, isang pook na sakop ni Punong Pambuwaya (Pagbuaya), ay siya ding pinakabuod sa parangal na inihandog sa kanila. Nang dumating sila sa Cebu nuong ika-27 ng Abril ng 1564, ay sinalubong sila ng Punong si Tupas at ng kaniyang mga mararahas at mangdirigmang kawal. Dito nasaksihan ni Legaspi ang katangian at kasanayan ng mga kawal ni Tupas sa larong kali (arnis). Sa gayon ay nawika ni Legaspi sa sarili na "ang kali ay hindi lamang larong libangan at pangpalipas ng panahon kundi isang mabisang sining ng pagtatanggol sa sarili sa larangan ng digmaan."

Gayon na lamang ang kanyang pagkamangha sa gayong bagay na hindi niya sukat akalain.

Dahil sa pagaalaala na baka mapahamak si Legaspi na katulad ni Magallanes ay pinagsikapan nitong kaibiganin si Tupas. Sa kabutihang palad ay natamo niya ang pakikipagkaibigan sa matapang na Puno hanggang ito'y binyagan nila sa Pangalan ng Dios Ama, at Anak, at ng Espiritu Santo nuong ika-4 ng Hunyo, 1564. Ang ipinangalan sa kanya ay "Don Felipe," alang-alang sa Haring Felipe ng Espanya.

Dahil sa kasalatan ng mga kasulatang dapat paghanguan kung saan nagmula ang larong arnis (KALI) ay inakala na lamang ng sumulat nito na dala ng mga taga-Malayo na unang nagsidating sa Kapuluang Pilipinas.

Ang Kali[1] na Dinatnan ng mga Kastila ay Hindi pa Arnis ang Tawag nuong 1610.

Nuong unang panahon ang larong ito'y kilala sa tawag na "kali" ng ating mga ninuno, nguni't sa hindi maiwasang pagbabago ng panahon at pangyayari ay pinamagatan[2] nila ng "Panandata" sa Tagalog, "Pagkalikali" sa kapatagan ng Kagayan ng mga Ibanag, "Kalirongan" sa Pangasinan, "Kaliradman" sa Bisaya at "Pagaradman" sa Ilongo nuong 1860, at "Didya" sa Ilokos at muling naging "Kabaroan," ayon kay Rev. Fr. Gregorio Aglipay na bantog din sa arnis, nuong 1872.

Pagkaraan ng mahigit na isangdaang taon ng pamamahala ng mga kastila sa Pilipinas, nuong taong 1637, ay ipinakilala ng mga paring kastila ang libangang "moro-moro" at "duplo." Ang libangang ito'y nilakipan ng larong *arnis*, hango sa wikang "arnes" ng mga kastila, na ang mga manglalaro ay taglay ang mga kinakailangang mga kasuutan at mga sandata. Ang mga manglalarong kasapi sa "moro-moro" at "duplo" ay dapat makilala sa kanilang mga "arnes" na taglay na mga kasuutan na naaayon sa kanilang mga ranggo o katungkulan sa panig ng pangkat na kanilang kinasasapian, at ng agad makilala kung sa aling panig ang bawat manglalaro nabibilang—sa binyagan (cristiano) o moro (pagano).

At nuong 1853, ay lubusan nang nawala ang dating pangalang KALI ng mapatanyag ang "arnis" (arnes) ayon sa aklat ni Balagtas: Florante at Laura—

"Minulan ang galit sa pagsasayawan
ayon sa musika't awit na saliwan,
larong buno't arnes na kinakitaan
ng kanikaniyang liksi't karunungan."

Bakit Bihasa sa Arnis o Kali ang mga Pilipino nuon?

Nuong unang panahon ang mga Pilipino ay hindi nakikilala ang baril, kaya't ang sining ng larong arnis ang kanilang pinagsumikapang pagsanayan bilang pananggol sa sarili laban sa ano mang mga pagkakataon. Ang mga kaunaunahang naging bihasa at sanay sa larong ito'y dili iba kundi ang mga *rajah at mga maharlika* sa kabisayaan at Katagalugan, Amandakwa sa Pangasinan, at Baruwang sa Kapatagan ng Kagayan, kaya't ang KALI o arnis ay kinilala nuong unang dako ay laro ng mga hari. Ang mga bantog sa tapang nuong unang dako ay nakikilala sa kanilang kahusayan sa paggamit ng mga tabak, kampilan, balaraw, sibat at pana.

Ang arnis (KALI) ay siyang ginagamit na pangaliw sa mga panauhin, kung nagdaraos ng pista, kasal o binyagan, pintakasi, sa kaarawang pangilin ng kanikanilang sinasambang bathala, ng mga datu at maharlika. Kung panahon ng digmaan ang mga may kapangyarihan—mga punong bayan at nayon, ay abalang-abala sa pagtuturo sa mga mamamayan ng pamamaraan ng paghawak ng tabak sa kanang kamay, at balaraw sa kaliwa upang magamit sa malapitang labanan.

Nuong mga panahong iyon, ay sa larong ito tinatapos ng mga lalaki ang kanilang suliranin.

At sa dahilang ito'y napamahal sa mga Pilipino ang larong arnis kaya nagkaroon ng iba't ibang paaralang lihim ng arnis upang doo'y magsanay ng sining ng panandata ang mga kawal, pagka't kinikilala ng ating mga bayani na isang mabuting sining ng pagtatanggol sa sarili laban sa mga dayuhang ibig lumupig sa karangalan ng bayan at katarungan ng malayang mamamayan buhat pa noong 1521.

Ilang taon bago magsipaghimagsik ang mga Pilipino nuong 1896, sa daang Sales, Maynila, ay binuksan ni Don Jose de Azas ang Tanghalan ng Sandata, hayagang aralan sa sining ng pananandata; at maging sa Ateneo de Manila, ay itinuro rin ang arnis at "florete or foil" bilang hiwalay na karunungan sa paaralan. Doon nag-aral ang iba sa ating mga bayani sa sining ng "florete or foil" bukod pa sa arnis.

Ipinakikilala sa Daigdig ang Arnis o Kali ng Ating mga Ninuno.

Ang isa pang tanda at taga-pagpakilala na dati ng sanay ang mga Pilipino sa sining na ito, ay nang lusubin ng pangkat ng mga kastila nuong Sabado, ika-27 ng Abril ng 1521, na pinangunguluhan ni Don Fernando Magallanes, ang pulo ng Mactan, na nuon ay ipinagtatanggol ng mga kabig ni Lapulapu. Ang mga kastila at Pilipino sa pagkakataong

ito'y harapharapang nagsagupa, bagaman at mga niyaring tabak, balaraw, at sibat na kahoy na pinatigas sa apoy ang pinakatalim ang ipinananggalang ng mga Pilipino, ay sinupil din nila ang mga kastila, na siyang ikinamatay ng dakilang nakatuklas sa Kapuluang Pilipinas. Ayon sa sabi sa wikang kastila sa kasaysayan ng Pilipinas, ay ganito ang pagkakapaliwanag sa malungkot na pagkapatay sa nasabing bantog na kastilang manunuklas:

> "uno de ellos con un gran terzado (kampilan) que equivale un gran cimitarra, le dió en la pierna izquierda un gran tajo que le hizo caer de bruces . . . Esta funesta batalla se dió el 27 de Abril, 1521, Sabado".

Nang makita ng kawal ni Magallanes na patay na ang kanilang pinuno, ay paurong na nagsitakbo sa kanilang mga sasakyang dagat upang huwag silang malipol na lahat ng mga "infieles" o hindi binyagan.

Nang suguin ni Legaspi sina Martin de Goiti, Juan de Salcedo, at 120 sandatahang kawal at ibang mga piling Bisayang katulong sa paglalakbay na patungong Luzon sa dakong Hilaga, ay sinalubong naman sila ng mga kabig nina Rajah Lakan Dula at Soliman, hindi lamang sa punglo ng lantaka (kanyon) na yari ni Panday Pira, kundi ang mga makabagong uri ng kampilan, tabak, gulok, at balaraw, na yari din ni Panday Pira sa sinugbang bakal o "cast iron or hecho de hierro colado."

Hindi lingid sa mga Pilipino, lalo na sa mga bantog na manunulat ng kasaysayan ng Pilipinas, na mga gulok, itak at balaraw lamang ang tanging mga sandatang inilaban ng mga manghihimagsik sa Kapuluan buhat ng dumating dito sa atin ang mga banyagang mananakop hanggang sa madugong taon ng 1896. Sa nakaraang ikalawang digmaang pandaigdig (World War II), ay malaki pa rin ang naitulong ng "Bolo Regiments" sa paglipol sa mga hapones sa kabundukan ng hilagang Luzon.

Ang lahat na ito'y dapat natin kilalaning malaking utang na loob sa sining ng kali o ng arnis, na isa sa mga mahalagang bagay na ating mana sa mga ninuno natin.

Pagkasupil sa Larong Ito.

Buhat nuong 1569, ay marami na sa mga namamayan sa Kapuluan ang nahikayat na sumailalim ng pananampalatayang Katoliko Romano, at halos nakaligtaan na ang larong kali o arnis sa paghahangad na tawaging sila'y mga "Filipino ilustrado." Ang kali na dating laro nila ay idinaraos lamang sa mga pambihirang pagkakataon. At nang ipagbawal ni Don Simon de Anda y Salazar, nuong 1764, ang anumang uri ng laro ay patuluyang naligpit, maliban lamang sa mga taong namamayang malaya sa bundok at sa mga malalayong nayon na hindi pa binyagan.

Dahil sa pagkahilig ng mga mamamayang "indio" sa Kapuluan at gayon din ang ibang mga kristiano sa libangang "moro-moro" at duplo" ay halos sa gabi't araw itinatalaga nila ang kanilang panahon sa pagtuturo't pagsasanay sa tauhang gaganap sa palabas na "moro-moro at duplo," ay napapabayaan ng mga magsasaka ang pagbubungkal ng ka-

nilang lupang-sakahan, ang ginawa ng Pamahalaang Kastila ay tuluyang ipinagbawal ang anumang uri ng laro.

Mula nuong ang mga pari lamang ang mga may karapatang pumili ng mga datihan at sanay na Pilipino sa arnis upang sanayin sa "moro-moro at duplo." At doon sila sa loob ng kumbento tinuturuan bago itanghal sa harap ng bayan ang mga libangang palabas.

Ang isa pang naging sanhi ng pagbabawal sa larong ito ay dili iba't kundi ang madalas masaksihang paglalaban ng mga sanay dito, na nagsisimula sa biruan at nalulutas sa patayan. Sa mga pista, at iba't ibang pagdiriwang ay laging nasasaksihan sa mga panauhin na inaabot ng pagkalasing o kahihiyan sa harap ng mga dalaga ay nagaganap din ang larong arnis bilang subukan ng mga may kinalaman dito at sa ganitong pagtatagisan ng karunungan ay malimit matapos ang sagupaan sa pagkakasugat ng malubha at pagkamatay ng isa't isa. Sa ganitong pangyayari ay ipinagbawal din ang pagsasakbat sa baywang ng itak o gulok o dili kaya'y ang pagdadala sa katawan ng anumang uri ng patalim.

"Dapat nating Ituro sa Paaralan ang Arnis."

Ito ang sabi ni G. Antonio A. Maceda, Superintendente ng mataas na Paaralang Bayan ng Lungsod ng Maynila, nuong isang araw na makipanayam ang sumulat nito sa kanyang tanggapan sa City Hall. Kung ang sabong ay naging pambansang aliwan sa ating bayan, na ito'y isang uri ng sugal na buhat sa ibang lupain na dala dito sa atin ng mga kastilang "guachinangos," ay dapat din nating kilalaning pambansang laro ang arnis o sipa na likas dito sa atin. Kaya't "nararapat ang sining na ito ng pagtatanggol sa sarili ay ituro sa mga batang nagsisipagaral sa mga paaralan bilang bahagi ng pagaaral nila sa pisika," ang dugtong na wika ni G. Maceda, at lalong mahalagang ito'y maging bahagi ng karunungan sa mga sinasanay sa pagsusundalu. Kung ang katutubo nating mga sayaw ay itinuturo sa ating mga paaralan ay lalu't higit na dapat ituro ang arnis sa ating mga kabataan sapagka't ito'y isang bahagi ng karunungan sa pag-kakawal na maaaring maglingkod sa sangbayanan.

Batid ng lahat na sa Europa at America, ay itinatayo ang tanghalan ng mga sandata, upang huwag mamatay ang larong plorete na siyang katutubong sining ng pagtatanggol sa kanilang sarili. At dito naman sa Pilipinas upang huwag lubusang maglaho ang ating sining ng arnis ay dapat nating gawing isang pambansang laro at ituro sa mga kabataang Pilipino.

May palagay ang sumulat nito na si Balagtas ang kauna-unahang nakapuna ng malabis na pagkawalang-bahala ng kanyang mga kalahi sa hindi pagtatangkilik sa katutubong mga bagay-bagay dito sa atin. Ito ang nag-udyok sa kanya upang gamitin ang katagang "KALIS" (maliwanag na buhat sa punong salitang KALI) sa ngalan ng "espada" sa kanyang walang kamatayang Florante at Laura upang huwag tuluyang maglaho, maging sa pangalan man lamang ng larong iyan at ng sandata,

habang ang kanyang nasabing aklat ay tinutunghayan at binabasa ng mga Pilipino sa buong Pilipinas:

"Makita ng piling Heneral Osmalic
ang aking marahas na pamimiyapis,
pitong susong hanay ng dulo ng kalis
hinawi ng tabak nang ako'y masapit."

WAKAS

---

[1] Ang KALI, unang pangalan ng larong "arnis" nuong bago dumating ang mga kastila dito sa atin. Ang KALIS, hango din sa KALI, ay gulok na binalila ang tabas at tanging gamit sa KALI. Ito'y laging nakasakbat sa baywang ng mga lalaki nuon kahit saan ang paroroonan.

Kung ang "S" ay ihulip sa "KALI" upang maging "KALIS" ang kahulugan ay espada o tabak, itak, dili kaya't gulok na mahaba kaysa pangkaraniwang ginagamit natin sa panahong ito. "Ang manggagawa ng KALIS ay espadero. Tomas Pinpin sa kanyang aklat: Paaralan ng Wikang Kastila . . ., Manila, 1610."

[2] (a) *Pananandata* (Tagalog)—1. Sining ng paggamit ng "kalis" at balaraw sa laro o labanang patayan. 2. Tumpak na karunungan sa paggamit ng ano mang uri ng sandata na walang daya ng maaring makadaig, makatalo at makapatay upang magtagumpay sa labanan. 3. Paligsahan na pagpapakitaan ng maglalaro ng wastong uri, ayos, tayo, at anyo ng katawan at sandata upang kilalanin sa kanila kung sino ang pipiliing bantog at ng bigyan ng gantimpala, pabuya, karangalan sa paggamit ng sandata. 4. Laro, paligsahan o labanan na ang paglalabanan ay ang sining sa kapuwang sining at lakas sa kapuwang lakas sa paggamit ng sandata—tabak (kalis) at balaraw (daga).

(b) *Pagkalikali* (Ibanag—buong kapatagan ng Kagayan).—Laro o labang totohanan ng kapuwang may hawak na sandata. 2. Pagpakita sa mga manunuod ng tanging karunungan taglay at kabihasnan sa paggamit ng "armas de mano"—tabak at balaraw.

(c) *Kalirongan* (Pangasinan)—1. Laro o labanang totohanan na pagpapakitaan ng dahas ng dalawa o marami sa tanging karunungan, kahusayan, at lakas, at kung sakaling wala sa kanilang madaig sa dunong ng pananandata, ay bitiwan nilang kusa nay sa katawan upang mamihasa sa wastong timbang, tayo, anyo, kilos, bilis, sa harap ng kalaro o kalaban at ng ito'y masindak.

(d) *Kaliradman* (Bisaya)—1. Maginoong labanan upang lutasin ang suliraning pinagkagalitan. 2. Maginoong laro o labanang sandatahan. (*Pagaradman* (Bisaya—Ilonggo)—1. labanang patayan. 2. Maginoong libangan at palakasan. 3. Pagsasanay sa katawan upang mamahasa sa wastong timbang, tayo, anyo, kilos, bilis, sa harap ng kalaro o kalaban at ng ito'y masindag.

(e) *Didya* (Ilokano)—Gaya rin sa Bisaya. Ang "*Kabaroan*" ay lininang na didya ("improved").

BUENAVENTURA MIRAFUENTE
Pangulo

ANG TABAK NI BONIFACIO, 1927
(Kap. sa Manglalaro ng Arnis
sa Pilipinas)

KASAPI SA:
Philippine Library Association, at
Bibliographical Society of the Philippines.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

MAIKLING PANGUNGUSAP NG MAY AKDA

Placido Yambao

Ang sining ng pananandata na gaya ng nasasaysay sa aklat na ito, gayon din ang iba't-ibang anyo ng mga taga at sangga sa hanay na ba-wa't isang abakada ay makikita sa kabuoan na inilalarawan ng may akda, Placido Yambao, at ng nagsasaayos, Buenaventura Mirafuente at dala-wang guro sina ginoong Luis Cruz at ginoong Juan Aclan upang lubos na maunawa at mabatid ng lahat ang tunay na diwa at kahulugan ng nasasaad sa bawa't talata ng aklat na ito. Ano pa't ang sino mang mag-hahangad na magkaroon ng ganap na kabatiran, karunungan at kaala-man sa sining ng Arnis o pananandata ay mangyayaring matuto at ma-kaalam, sa pamamagitan lamang ng matiyagang pagbabasa, pagtunghay at pagsasagawa ng katulad ng makikita sa larawan.

Bayang mambabasa, ang aklat na ito na pinagsakitang sulatin ni-tong aba ninyong lingkod sa pamamagitan ng maikling kabatiran sa sining ng arnis ay walang ibang hangad kundi: makatulong sa mga ka-bataang gabay at pag-asa ng ating lahi sa araw ng bukas, upang muling mapaunlad at mapasigla ang *larong arnis*—tanging larong katutubo nito sa Pilipinas at isang uri ng laro na nagiging kalasag at pananggol ng magigiting na bayani buhat pa noon kay Lapulapu ng taong 1521 hang-gang sa naglahong himagsikan nuong 1896.

Upang maipakilala sa lahat, na tayong mga Pilipino ay may sariling uri ng laro na dili iba at ang arnis, sariling sining ng pananandata na mangyayaring gamitin sa pagsasanay, pampalakas at sa pagtatanggol ng sarili.

Isinasamo ko sa lahat, bayang mambabasa, na ang kakulangan at mga pagkakamali nitong aba ninyong lingkod ay ang mayaman ninyong pusong mapagpaumanhin ang magiging kapupunan.

Hagonoy, Bulakan.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

PANGALAN AT AYOS NG MGA TAGA
NA INILALARAWAN NG MAY AKDA: PLACIDO YAMBAO

Fig. A—*Buhat Araw*

Fig. B—*Aldabis sa Ilalim*

Fig. C—*Aldabis sa Itaas*



Fig. D—*Haklis*

Fig. E—*Sablay*

Fig. F—*Tagang San Miguel*

Fig. G—*Saboy*



Fig. H—*Tabas Talahib*

Fig. I—*Tagang Alanganin*

Fig. J—*Bunot Kaluban*

Fig. K—*Hulipas*



Fig. L—*Tigpas*

Fig. M—*Bartikal*

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

1. MGA SAKSAK NG KANAN (TABAK)

(a) Saksak ng Kanan (Tabak): ay manggagaling sa gawing kaliwa, tagilid ang katawan at tihaya ang kamay, paang kanan ang nasa nahan; ang saksak ay pantay dibdib sa itaas ang kaliwa, at ang patama ay sa panig ng katawan ng kalaban. (Fig. N).



Fig. N



Fig. O

(b) Saksak sa gawing kanan, pantay balikat na taob ang kamay o kamao at harap ang katawan, paang kaliwa ang nasa unahan. Ang Patama ay sa panig ng dibdib ng kalaban. (Fig. O).

(c) Bulusok ng dalawang kamay. Ang bulusok ay saksak ng dalawang kamay (Tabak at Balarao) na magmumula sa itaas, buhat sa kanan patungong kaliwa, tagilid ang katawan, paang kaliwa ang nasa unahan. Ang patama ay sa panig ng dibdib ng kalaban. (Fig. P).



Fig. P

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

2. PANGALAN AT AYOS NG MGA SAKSAK NG KALIWA (BALARAW)

Fig. Q—Saksak na manggagaling sa gawing kaliwa na una ang paang kanan at nakatagilid sa kaliwa.

Fig. R—Saksak sa gawing kaliwa na kasabay ang hakbang o pasok ng paang kaliwa.



Fig. S—Saksak na nanggaling sa dakong itaas sa gawing kaliwa na una ang paang kanan.



Fig. T—Saksak buhat sa gawing kaliwa, sabay pasok ang katawan, at hahakbang ang paang kaliwa, sa itaas ang tabak.

PALIWANAG

Ang saksak ng kaliwa (Balaraw). Ang saksak ng kaliwa ay malaya at maaring manggaling kahit saang panig, nguni't ang lahat ay sa panig ng katawan ng kalaban ang patama. Ang balaraw, alinsunod sa sining ng larong arnis ay kailangang gumalaw at magamit na katulad ng bilis at liksi ng tabak at laging magkatulong sa alin mang uri ng pagsangga, kung ito'y kailangan. Ta-

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

ngi sa rito'y mayroong mga sariling uri at tiyak na patama na gaya rin ng tabak, at ang mga ito'y gaya ng mga sumusunod:

(a) Buhat sa ibabaw ng kanang bisig ang daan, ang tabak ay sa dakong ibaba. Tagilid ang katawan at paang kanan ang nasa unahan. (Fig. Q).

(b) Buhat sa gawing kaliwa, at ang kanan (tabak) ay sa itaas sa tapat ng ulo. (Fig. O).

Fig. W.

(c) Saksak ng kaliwa na kasabay ang indayog ng katawan, nguni't hindi hahakbang ang paa. Paang kanan ang nasa unahan at ang kanan (tabak) ay sa itaas sa tapat ng ulo. (Fig. W)

Fig. X.

(d) Saksak ng kaliwa, paang kanan ang nasa unahan; tagilid ang katawan at ang kanang (tabak) ay sa ibaba, sa dakong likuran. (Fig. X)

Ang mga ayos sa paggamit ng balaraw sa panig ng pagtatanggol na kaakibat ng Tabak ay katulad ng ayos na makikita sa larawan:

1. Sikwat

2. Kalas

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

TAGUBILIN SA PAGTUTURO

Ang mga bagay na dapat malaman ng bayang mambabasa sa kabuuang inilalarawan ng aklat na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang pangalan ng sandatang gagamitin ay: TABAK at BALARAW.

Ang TABAK ay may 32 pulgada ang haba at ang BALARAW ay 12 pulgada rin ang haba. Ang TABAK ay sa kanang kamay at ang BALARAW ay sa kaliwa.

2. Kung sabihin nang nagtuturo (Guro) sa kanyang tinuturuan na isaksak o itabig ang kaliwa, alinsunod sa aklat ay isaksak o itabig ang balaraw, gayon din ang tabak kung sabihing itaga o isaksak ang kanan.

3. Kung ang nagtuturo ay sabihin na iurong o ipasok ang paa, ay ang ibig sabihin ay hakbang na paurong o hakbang na pasulong at upang malaman kung alin sa dalawang paa ang dapat na ihakbang ay nasa paliwanag ng nagtuturo. Alinsunod sa alin mang regla o abakada na nasa kabuuan nang aklat.

4. Sapagka't ang inilalarawan dito ay laro a pagsasanay at pampalakas ng katawan, ang tabak at balaraw na nabanggit sa unahan na ginagamit, ay hindi tunay na tabak at hindi rin tunay na balaraw—*anyong tabak at anyong balaraw lamang.*

5. Ang kauna-unahang ayos na gagawin sa simula ng pagtuturo ay gumuhit ng matuwid at itapak ang dalawang paa at huwag ililihis sa nasabing guhit ang pagurong at pagpasok o paghakbang ng kaliwa o kanang paa.

Sinulat ang ganitong paliwanag upang maging ganap ang kabatiran ng bayang mambabasa at huwag maligaw sa tunay na kahulugan ng alin mang bagay na mababasa sa kabuuan ng aklat.

Kung mayroong ibang bagay na dito'y hindi nasaad at hindi rin nalarawan sa kabuuan ng aklat, iya'y mga pangyayaring hindi batid ng sumulat at hindi rin natatarok ng aming bubot na hagap.

PLACIDO YAMBAO

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Unang Bahagi

SINING NG PANANANDATA

Ang arnis o "esgrima" ay nahahati sa apat na iba't ibang anyo at sining ng pananandata na gaya ng sumusunod:

1. Pagpapakitaan ng kanikanyang kaalaman sa pamamagitan ng mga taga at sangga; (Muestracion)
2. Pagsangga at pagbibigay ng patama ng dalawang maglalaro o maglalaban;
3. Ang labanang malapitan, at,
4. Ang labanang malayuan.

Ang mga sining na ito'y kilala sa larangan ng Arnis sa mga pamagat na: "muestracion," ang una; "defensa ofensiva," (sangga at patama) ang ikalawa; "rompido," ang ikatlo; at "larga Mano," ang ika-apat. Tangi ang tinatawag na labanang tutuhanan.

Ang bilang una ay ginagamit sa pagtuturo at pagaaral ng iba't ibang karunungan sa sining ng pananandata; gayon din sa paglalaro ng kapuwa marunong.

Ang ikalawa, sangga at patama, ay ginagamit sa mga paligsahan sa sining ng pananandata, "concierto," at laro ng mga marurunong ng arnis sa mga mararangal na harapan.

Ang ikatlo, labanang malapitan, ay ginagamit sa paglalaro ng mga marurunong upang ipakilala kung paano ang pakikipaglaban ng malapit at hindi malalayo sa kalaban.

Ang ikaapat, labanang malayuan, ay ginagamit din sa paglalaro ng mga marurunong, upang ipakita ang sining o "arte" ng arnis sa malayuang labanan.

Ang lahat nang ito, mula sa una hanggang kahulihulihan ng aklat na ito'y maaaring gamitin sa labanang tutuhanan alinsunod sa magtataglay ng karunungan.

Ikalawang Bahagi

Pangkat:

A — Pangalan ng mga Taga:

1. Tagang Buhat Araw,
2. Aldabis sa Ilalim,
3. Aldabis sa Itaas,
4. Haklis,
5. Sablay,
6. Tagang San Miguel,
7. Tagang Saboy,
8. Tabas Talahib,

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

9. Tagang Alanganin,
10. Bunot Kaluban,
11. Tagang Hulipas,
12. Tigpas, at
13. Bartikal.

B — Mga Saksak ng Kanang Tabak:

1. Saksak ng tabak sa gawing kaliwa,
2. Saksak sa gawing Kanan,
3. Bulusok ng isang kamay,
4. Bulusok ng dalawang kamay
(Tabak at Balaraw).

C — Pangalan ng mga Sangga:

1. Sanggang harang,
2. Sanggang taga,
3. Sangga at patama,
4. Sanggang ilag, at
5. Sanggang agaw.

Paliwanag

Ang lahat ng tagang nangasa unahan nito ay pawang gamit sa arnis at nasa sining ng pananandata, gayon din ang mga saksak ng kaliwa at kanan. Bawa't saksak ay may panig o bahagi ng katawan ng kalaban na dapat patamaan.

Ang sining ng bawa't taga at ang panig o bahagi ng katawan ng kalaban na dapat patamaan ay gaya ng sumusunod:

1. *Tagang buhat araw*—Ang buhat araw ay manggagaling sa itaas patungong ibaba, paang kanan ang nasa unahan, ang lugal na dapat patamaan ay ang panig ng ulo ng kalaban.

2. *Aldabis sa Ilalim*—Ang aldabis sa ilalim ay manggagaling sa tagiliran sa gawing kaliwa, sa ibaba ang daan ng sandata, paang kanan ang nasa unahan, na tatama sa panig ng katawan ng kalaban sa gawing kanan.

3. *Aldabis sa Itaas*—Ang aldabis sa itaas, ay manggagaling sa tagiliran sa gawing kaliwa patungong harap, sa itaas ang daan, paang kanan ang nasa unahan, at tatama sa may sabak ng balikat sa gawing kanan ng kalaban.

4. *Haklis*—Ang haklis ay isang tagang malaya, manggagaling sa iba't-ibang anyo ng pananandata, kahit saang panig, nguni't ang lahat

ay magmumula sa itaas sa gawing kanan, patungong kaliwa, sa ibaba ang daan na kasabay ang hugot at indayog ng katawan, paang kanan ang nasa unahan. Ang panig na dapat patatamaan sa kalaban ay mula sa sabak ng kaliwang balikat hanggang hita.

5. *Sablay*—Ang sablay na magmumula sa gawing kanan patungong katiwa, buhat sa itaas, patungong ibaba, kasabay ang hugot at indayog ng katawan, paang kanan ang nasa unahan, ang panig na patatamaan sa kalaban ay mula sa tuhod, hanggang paa sa gawing kaliwa.

6. *Tagang San Miguel*—Ang tagang San Miguel ay magmumula sa gawing likuran, patungong harap sa gawing kanan, sa itaas ang daan, paang kaliwa ang nasa unahan. Ang panig na patatamaan sa kalaban ay sa sabak ng balikat na kaliwa.

7. *Saboy*—Ang saboy ay manggagaling sa gawing kanan sa may tagiliran, sa ibaba ang daan, paang kaliwa ang nasa unahan. Ang panig na dapat patamaan sa kalaban ay mula sa ibaba ng baywang hanggang kilikili sa gawing kaliwa.

8. *Tabas Talahib*—Ang tabas talahib ay magbubuhat sa gawing kanan patungong kaliwa, pantay baywang ang daan ng sandata, paang kaliwa ang nasa unahan, ang panig na dapat patamaan ay mula sa dibdib, hanggang baywang ng kalaban.

9. *Tagang Alanganin*—Ang tagang alanganin sa gawing kaliwa, ay magmumula sa dakong likuran sa gawing kaliwa patungong kanan na pantay baywang ang daan ng sandata; paang kanan ang nasa unahan, ang panig o bahagi ng katawan ng kalaban na dapat patamaan ng tagang ito ay mula sa baywang hanggang leeg.

10. *Bunot Kaluban*—Ang bunot kaluban, ay magmula sa baywang sa gawing kaliwa patungong itaas ang daan ng sandata, paang kanan ang nasa unahan. Ang patama ay sa panig ng mukha ng kalaban.

11. *Hulipas*—Ang hulipas ay magbubuhat sa gawing kaliwa patungong kanan, sa itaas ang daan tuloy sa ibaba, kasabay ang hakbang ng paang kaliwa at indayog ng katawan. Ang patama ay sa panig ng dibdib mula sa sabak ng balikat ng kalaban.

12. *Bartikal*—Ang bartikal ay manggagaling sa tagiliran sa gawing kaliwa sa itaas ang daan, nguni't kung dumating sa harap ng kalaban ay tihaya ang kamay at ang talim ng sandata'y sa itaas; paang kanan ang nasa unahan. Ang tiyak na patama ay sa panig ng dibdib ng kalaban.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

13. *Tigpas*—Ang tigpas ay magbubuhat sa gawing kaliwa patungong kanan, sa ibaba ang daan, paang kanan ang nasa unahan, at ang panig na dapat patamaan sa kalaban, ay mula sa paa hanggang tuhod ng kalaban.

Pagsalag na Magkatulong ang Tabak at Balaraw

Ang mga anyo sa bahagi ng pagsalag na magkatulong ang tabak at balaraw ay:

1. Buhat araw, ang kaliwa ay nasa gawing likod sa bandang ibaba, paang kanan ang nasa una.
2. Palis o tabig na palabas buhat sa kaliwa patungong kanan;
3. Diin sa kamao o sandata buhat sa itaas patungong ibaba.

Tangi sa isinasaad sa unahan ay mayroong pang iba't-ibang paraan ng pag-agaw sa sandata ng kalaban, na laging magkatulong ang kaliwa at kanan. Ang bagay na ito'y mangyayaring masaksihan sa pangyayari at sa panahong kinakailangan. Iyan ay isa sa pinakamahalagang katangian ng karunungan sa paggamit ng balaraw.

Ang Pikwat—Ang pikwat ay hindi saksak o taga. Ito'y maraming panig ang pinagbubuhatan, at tumatakbo ng taob ang kamao at sandata, at ito'y hindi isang uri o ayos ng taga at hindi rin saksak, at ito'y walang bahagi ng katawan na dapat patamaan, sapagka't ito'y walang pinakamabuting daan ang sandata, kundi sa panig ng mukha, samantalang sa batas o palatuntunan ng Arnis ay bawal ang magpatama ng saksak sa panig ng mukha hanggang leeg, nguni't wala namang taga na likod ng sandata ang nauuna.

Ang pikwat ay hindi dapat na gamitin sa mga laruan at paligsahan, nguni't kung sa labanang tutuhanan ay maaaring gamitin kung kailangan.

IKATLONG BAHAGI

Mga Bilang ng Taga at Saksak at ang Pagkakasunodsunod, Alinsunod sa Kanikanyang Abakada

Blg. 1—Abakada ng Limang Taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Sikwat ng kaliwa,
3. Aldabis sa Itaas,
   (2) Saksak ng kaliwa,
4. Saboy,
   (3) Saksak ng kaliwa, at
5. Tagang Sang Miguel.

1. Ang Buhat araw, ang kaliwa ay nasa gawing likod sa bandang ibaba, paang kanan ang nasa una.

54273
UNIVERSITY OF SAN CARLOS
LIBRARY

2. Aldabis sa ilalim, sa itaas ang kaliwa, iyusad ang paang kanan.

(1) Sikwat ng kaliwa, sa ilalim ng kamao ng kanan ang daan, at ang kanan ay kakabigin sa gawing kaliwa na tungo sa lupa ang sandata.

3. Aldabis sa itaas, sa likuran ang kaliwa, sa ibaba, na hindi nagbabago ang paa.

(2) Saksak ng kaliwa (balaraw) sabay hakbang ang paang kaliwa.

4. Saboy, kasabay ang taas ng kaliwang kamay.

(3) Saksak ng kaliwa sa ganoong ding ayos, sabay hila ang kanan, sa bandang likuran, dakong ibaba.

5. Tagang San Miguel, sa likuran ang kaliwa sa dakong ibaba.

Ang katapusan, sa abakadang ito ng limang taga, ay bukas ang katawan at paang kaliwa ang nasa unahan.

Blg. II—Abakada ng limang taga:

1. Tagang San Miguel,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng kaliwa,
3. Saboy,
   (2) Saksak ng kaliwa,
4. Bulusok ng tabak at balaraw, at
5. Haklis.

1. Tagang San Miguel, una ang paang kaliwa at sa dakong likod ang kaliwang kamay sa gawing ibaba.

2. Aldabis sa ilalim, sabay hakbang ang paang kanan at sa itaas ang kaliwang kamay.

(1) Saksak ng kaliwa (balaraw) sabay hakbang ang paang kaliwa at hila sa itaas ang kanang kamay (tabak).

3. Saboy, sabay taas ang kaliwang kamay (balaraw).

4. Bulusok ng dalawang kamay sa gayon ding ayos ng paa, una ang kaliwa. Ito'y saksak ng tabak at balaraw na magmumula sa gawing itaas.

5. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa o pasok ang kanang paa.

Ang tigil ng sandata ay sa dakong likuran, sa gawing ilalim ng kaliwang kilikili ang tabak at sa itaas ang balaraw.

Blg. III—Abakada ng limang taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng kaliwa (balaraw),
3. Saboy,
   (2) Saksak ng Kaliwa (balaraw),

4. Bulusok ng tabak at balaraw, at
5. Haklis.

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa unahan, at sa ibaba ang kaliwa (balaraw).
2. Aldabis sa ilalim, sa itaas ang kaliwa, sabay usad ang paang kanan.

(1) Saksak ang kaliwa, sabay hakbang ang paang kaliwa at hilahin sa itaas ang kanan (tabak).

3. Saboy, sa bandang itaas ang kaliwang kamay.
4. Bulusok nang dalawang kamay, sa gayon ding ayos ng paa.
5. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa.

Ang tigil ng sandata ay sa ilalim ng kaliwang kilikili ang tabak at sa itaas ang kaliwa (balaraw).

Blg. IV—Abakada ng apat na taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (Saksak ng balaraw),
3. Saboy,
   (2) Saksak ng balaraw,
4. Tagang San Miguel, at
   (3) Saksak ng balaraw.

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa unahan.
2. Aldabis sa ilalim, sabay usad ang paang kanan.

(1) Saksak ang kaliwa, sabay hakbang ang paang kaliwa at hila sa itaas ang kanang kamay (tabak).

3. Saboy, sa itaas ang kaliwa (balaraw).

(2) Saksak ng balaraw.

4. Tagang San Miguel, sa ibaba ang kaliwa sa gawing likuran.

(3) Saksak ng kaliwa (balaraw), hila sa itaas ang kanan sa gayon ding anyo ng hakbang.

Ang abakadang ito'y binubuo ng apat na taga ng tabak at tatlong saksak ng balaraw, at ito'y ginagamit sa laro o labanang malapitan.

Blg. V—Abakada ng Anim na Taga:

1. Buhat Araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng kaliwa,
3. Aldabis sa Itaas,
   (Saksak ng kaliwa),
4. Saboy,
   (Saksak ng kaliwa),
5. Saksak ng kanan (tabak), sa gawing kanan, at
6. Haklis.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa unahan.
2. Aldabis sa ilalim, sabay hakbang ang paang kaliwa, at sa itaas ang balaraw.

(1) Saksak ng kaliwa, at ang kanan (tabak) ay kabigin sa ilalim ng kaliwang bisig.

3. Aldabis sa itaas. sabay ang urong ng paang kaliwa o pasok ang kanan.

(2) Saksak ng kaliwa, sabay hakbang ang paang kaliwa, at ang kanan ay hilahin sa itaas.

4. Saboy, taas ang kaliwa.

(3) Saksak ang kaliwa sa gayon ding ayos ng katawan, at hilahin ang kanan.

5. Saksak ng tabak sa gawing kanan at itaas ang kaliwang kamay.
6. Tiklop ng kamao o kasabay ang isang tagang haklis, sabay urong ang paang kaliwa, o pasok ang paang kanan.

Sa abakadang ito'y pangwakas ang tagang haklis na magmula sa gawing kanan.

Blg. VI—Abakada ng Apat na Taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng kaliwa,
3. Saboy, at
4. Bartikal.

1. Buhat araw, sa unahan ang paang kanan at sa ibaba ang kaliwang kamay.
2. Aldabis sa ilalim, sa itaas ang kaliwa, sabay ang karga sa una nang paang kanan.

(1) Saksak ang kaliwa sabay hakbang ang paang kaliwa.

3. Saboy, karga sa una ang katawan, at sa itaas ang kaliwa.
4. Bartikal, kasabay ang urong ng paang kaliwa.

Blg. VII—Abakada ng Pitong Taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng balaraw,
3. Saboy,
   (2) Saksak ang kaliwa,
4. Tabas talahib,
5. Tagang alanganin sa gawing kaliwa,
6. Bulusok ng dalawang kamay, at
7. Haklis.

1. Buhat araw, pasok ang paang kanan.
2. Aldabis sa ilalim, at sa itaas ang kaliwang kamay.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

(1) Saksak ng kaliwa, sabay hakbang ang paang kaliwa, at hilahin sa itaas ang kanan.

3. Saboy, sa itaas ang kaliwa, tulak sa harap ang kaliwa at ang kanan ay hilahin sa gawing likod sa ibaba.

4. Tabas talahib, sabay urong ang paang kaliwa.

5. Tagang alanganin sa gawing kaliwa, sabay pasok ang paang kaliwa.

6. Bulusok ng dalawang kamay.

7. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa, ikit ang katawan sa gawing likod ng isang hakbang.

Ang tigil ng sandata ay sa gawing likuran sa itaas ang kanan at ang kaliwa ay sa gawing ilalim ng kanang bisig.

Blg. VIII—Abakada ng Labindalawang Taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng kaliwa,
3. Aldabis sa itaas,
   (2) Saksak ng kaliwa,
4. Saboy,
   (2) Saksak ng kaliwa,
5. Tagang San Miguel,
6. Saksak ng kanan sa gawing kaliwa,
7. Haklis,
8. Bunot kaluban,
   (4) Saksak ng kaliwa,
9. Haklis,
10. Hulipas,
11. Bulusok ng dalawang kamay, at
12. Haklis.

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa una.

2. Aldabis sa ilalim, sa itaas ang kaliwa.

(1) Saksak ang kaliwa at ang kanan ay ibalik sa ilalim ng kaliwang bisig.

3. Aldabis sa itaas, sa gawing likod ang kaliwa.

(2) Saksak ang kaliwa sabay hakbang ang paang kaliwa at sa itaas ang kanan (tabak).

4. Saboy, sa itaas ang kaliwa.

(3) Saksak ang kaliwa.

5. Tagang San Miguel, sa gawing likod ang kaliwa, sa gayon din ayos ng paa.

6. Saksak ang kanan (tabak), sa gawing kaliwa, sabay urong an paang kaliwa, o pagpalitin ang paa, at ang kaliwang kamay ay nas gawing itaas.

7. Haklis, sabay hugot ang katawan.
8. Bunot kaluban, karga sa una ang katawan.
   (4) Saksak ang kaliwa, at sa itaas ang kanan.
9. Haklis, sabay hugot ang katawan na hindi babaguhin ang hakbang ng paa.
10. Hulipas, sabay hakbang ang paang kaliwa.
11. Bulusok ng dalawang kamay.
12. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa.

Ang tigil ng sandata ay sa gawing kaliwa; sa dakong ibaba ang tabak at sa itaas ang balarw.

Blg. IX—Abakada ng siyam na Taga:

1. Buhat araw,
2. Aldabis sa ilalim,
   (1) Saksak ng kaliwa,
3. Aldabis sa itaas
   (2) Saksak ng kaliwa,
4. Saboy,
   (3) Saksak ng kaliwa,
5. Tagang San Miguel,
6. Saksak ng Kanan (tabak) sa gawing kaliwa,
7. Hulipas,
8. Bulusok ng dalawang kamay (tabak at balaraw),
9. Saboy.

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa unahan.
2. Aldabis sa ilalim.
   (1) Saksak ang kaliwa, sa ibabaw ng kamao ang daan na wasang hakbang.
3. Aldabis sa itaas, sa ganoon ding ayos.
   (2) Saksak ng kaliwa sabay hakbang ang paa.
4. Saboy.
5. Tagang San Miguel.
6. Saksak ng kanan (tabak), sa gawing kaliwa, sabay ang pagpapalit ng paa.
7. Hulipas, sabay pasok ang paang kaliwa.
8. Bulusok ng dalawang kamay.
9. Saboy, kasabay ang urong ng paang kaliwa, tuloy ikit ng isang hakbang sa paurong.

Ang tigil ng sandata ay sa gawing likuran sa itaas ang tabak at sa kalim ng kanang bisig ang balaraw.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

βlg. X—Abakada ng Sampong Taga:

1. Tagang San Miguel,
2. Aldabis sa ilalim,
3. Saboy,
4. Bulusok ng dalawang kamay,
5. Haklis,
6. Saksak ng tabak, sa gawing kaliwa,
7. Haklis,
8. Hulipas,
9. Bulusok ng isang kamay (tabak), at
10. Haklis.

Ang hanay o abakada ng mga tagang ito'y siyang kahulihulihang bilang ng nasabing mga abakada sa unahang naisalaysay. Ito ang ginagamit sa labanang malayuan. Ang tagang inilalarawan dito'y tuloy na lahat at malayo ang pinagbubuhatan. Ang paraan ng paggamit dito'y gaya ng mga sumusunod:

1. Tagang San Miguel, kasunod ang hakbang ng paang kaliwa.

2. Aldabis sa ilalim, sabay hakbang ang paang kanan.

3. Saboy, sabay urong o hakbang ang paang kaliwa.

4. Bulusok ng dalawang kamay.

5. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa.

6. Saksak ng tabak sa gawing kaliwa.

7. Haklis, sabay hugot ang katawan na hindi babaguhin ang hakbang ng paa.

8. Hulipas, na walang kasamang hakbang.

9. Bulusok ng isang kamay, sabay talon ng isang hakbang, nguni't hindi pagpapalitin ang paa, at hindi ilalagpak ang paa sa hulihan.

10. Haklis, patungong kaliwa, isayad ang paa sa hulihan, sabay ikit ang katawan, at isunod ang isang hakbang sa paurong.

Ang tigil ng sandata ay sa harap na tayo sa gawing kaliwa ang tabak at sa itaas ang balaraw.

Ang lahat ng taga at saksak ng tabak at balaraw na ginamit sa iba-at-ibang abakada o hanay ng mga taga ay pawang nagmula sa abakada ng mga taga na inilarawan sa unahan ng aklat na ito.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

IKA-APAT NA BAHAGI

ANG TAGA, SAKSAK, AT SANGGA AY ILALARAWAN ISA-ISA DITO ALINSUNOD SA HANAY NG KANIKANYANG ABAKADA, GAYON DIN ANG PANIG NG KATAWAN NA DAPAT PATAMAAN

Taga at Sangga sa Abakada ng Limang Taga, Blg. I.

1. Taga-Buhat araw (A).

SANGGA (B)—Ang sangga ay isang tagang papalis, buhat sa baywang pataas hanggang lumampas sa tapat ng ulo, pagsasalubong ng taga at sangga ay isasapi ang kaliwa, sa ilalim ng kilikili ang kaliwa, paang kanan ang nasa unahan. Fig. 1.

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 1

2. Tagang Aldabis sa ilalim, sa itaas ang kaliwa, gaya ng unang taga, sa unahan ang paang kanan. Fig. 2 (A)

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 2

SANGGA—Isang haklis, buhat sa gawing kaliwa sabay urong ang paang kanan. Ang patama ng haklis ay sa bisig ng tumataga. Fig. 2 (B)

(1) Sikwat ang kaliwa ng tumataga. Fig. 3. Sa ilalim ng kanang bisig ang daan, upang pigilin ang sandata ng sumasangga.



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 3



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 4

3. Aldabis sa Itaas, sa likuran ang kaliwa. Fig. 4 (A).

SANGGA—Paikit na taob ang kamao, tuloy sa sanggang payong na tayo ng kaunti ang sandata, kasunod ang kaliwa na isasapi sa kamao ng tumataga. Fig. 4 (B).

(2) Saksak ng kaliwa ng tumataga sabay hakbang ang paa. Fig. 5.

Sangga: ang sangga ay tabig ng kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, sabay urong ang paang kaliwa, kasunod ang tabig ng kaliwa sa ibabaw ng kamao ang daan at paglampas ng kanan ay magbibigay ng patama sa dibdib ng tumataga tuloy hila sa itaas sa gawing kanan.



P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 5

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

4. Tagang Saboy, sa itaas ang kaliwa. Fig. 6 (A).

SANGGA—Ang sangga ay harang sa harap, salikop ang kaliwa at kanan tayo ang sandta at tungo sa iupa ang balaraw. Fig. 6 (B).



P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 6

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 7

(3) Saksak ng kaliwa ang tumataga. Fig. 7 (A).

(Sangga—Ang sangga ay tiklop ng kanan, tuwad ang sandata tuloy hila sa gawing tagiliran at salubong ng kaliwa sa ilalim ng kanang bisig ang daan tuloy tabig sa kaliwang isinaksak at ang kanan ay magbibigay ng patama sa panig ng ulo. Sa ibaba ang tigil ng sandata. Fig. 7 (B).

5. Tagang San Miguel. Fig. 8 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong ng tagang papalis buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, tuloy tabig ng kaliwa sa ibabaw ng kanang bisig ang daan. Paglampas ng kanan sa dulo ng taga ay magbibigay ng patama sa panig ng dibdib, sa itaas ang tigil. Fig. 8 (B).



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 8

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Ang lahat ng ayos ng paa, kamay at katawan, gayon din sa tayo at sining na naisalaysay sa kabuoan ng aklat na ito'y magmumulang lahat sa Abakada ng Limang Taga, mula sa bilang 1, 2, 3, at 4, at saka pa lamang masasabi na nakalagpas na sa abakada ng Limang Taga.

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG LIMANG TAGA, BLG. II
(Anyong Malayuan)

1. Tagang San Miguel, paang kaliwa ang nasa una. Fig. 9 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang aldabis, buhat sa baywang pataas, hanggang lumampas sa tapat ng ulo, at sa pagsasalubong ng taga at sangga sa itaas ay sa ilalim ang kaliwa, paang kanan ang nasa unahan. Fig. 9 (B).



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 9



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 10

2. Aldabis sa ilalim, nasa itaas ang kaliwa, paang kanan ang nasa unahan. Fig. 10 (A).

SANGGA — Ang sangga, ay urong ang paang kanan, sabay haklis, buhat sa kaliwa patungong kanan, sa itaas ang daan, at sa itaas ang kaliwa. Ang patama ng haklis ay sa kamao ng tumataga. Fig. 10 (B).

(1) Saksak ang kaliwa ng tumataga, sabay hakbang ang paang kaliwa. Fig. 11 (A).

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 11

Sangga—Ang sangga ay papalis ng kanan, buhat sa harap patungong kaliwa, tayo ang sandata, sabay urong ang paang kaliwa, isapi ang balaraw na kasunod ng kanan, sa ibabaw ng kanang bisig ang daan, paglampas ng kanan sa dulo ng isianksak ay babalik ang patama.

Ang patama ay sa ilalim ng kilikili, tuloy hila, at sa itaas ang tigil. Ang kaliwa ay nakasapi sa kaliwang isinaksak. Fig. 11 (A).



P. Yambao *L. Cruz*

3. Saboy, sa itaas ang kaliwa. Fig. 12 (A).



P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 12

SANGGA—Ang sangga ay harangin ng sanggang magkasalikop ang dalawang kamay, tayo ang sandata (tabak) at tuwad ang balaraw. Fig. 12 (B).



P. Yambao *L. Cruz*

(2) Saksak ang kaliwa ng tumataga. Fig. 13.

Sangga—Ang sangga ay tiklop na papalis sa gawing kaliwa, sunod ang kaliwa, sa ilalim ng kanang bisig ang daan tuloy tabig sa isinaksak, at paglampas ng sandata sa dulo ng isinaksak ay mag-

bibigay ng patama na isang tagang aldabis, sa ibabaw ng ulo ang daan, tuloy sa gawing kanan sa ibaba ang tigil ng sandata at ang kaliwa ay nakasapi sa kamay na isinaksak.

P. Yambao *L. Cruz*



P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 14

4. Bulusok ng dalawang kamay, sa gawing kaliwa. Fig. 14 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tiklop na papalis ng kaliwa at kanan buhat sa kanan patungong kaliwa na tuwad ang sandata at tayo ang balaraw, paglampas ng kanan sa

dulo ng sandata ng kalaban ay magbibigay ng patama na isang tagang hulipas sa panig ng ulo ang patama, tuloy sa ibaba. Fig. 14 (B).



L. Cruz *P. Yambao*



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 15

5. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa. Fig. 15 (A).

SANGGA — Ang sangga ay isang tagang pasumula, buhat sa kanan patungong kaliwa, sa itaas ang daan, kasabay ang hakbang ng paang kaliwa at sa itaas ang balaraw. Fig. 15 (B).

Sa katapusan ng abakada ng limang taga sa anyong malayuan, ay sa itaas ang sandata (Tabak) sa gawing kanan at ang kaliwa (Balarao) ay sa ilalim ng kilikili, Paang kaliwa ang nasa una.

Ang sumasangga ay nasa gawing kanan sa harap ang sandata sa itaas ang kaliwa, sa dakong kanan, paang kaliwa ang nasa unahan.

Ang sining o "arte" sa pamamagitan ng taga at sangga na inilalarawan dito, ay pigil na lahat sa harap ng kalaban ang dating ng taga at sangga. Ang sumasangga kung ibig magbigay ng mga tuloy na daan ng sandata ay palalampasin sa ibabaw ng ulo o sa magkabilang tagiliran, gayon din ang tumataga, kung magkaroon ng puwang na maaaring tumama ay pigilin ang sandata, dili kaya ay palampasin sa magkabikabilang panig ng katawan, upang maganap ang tinatawag na anyo lamang (pagpapakilala).

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG LIMANG TAGA NA MAY PATAMA, BLG. III



L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 16

1. Buhat araw. (Fig. 16 (A).

SANGGA--Ang sangga ay sasalubungin ng isang tagang aldabis pataas, buhat sa gawing kaliwa, pagsasalubong ng taga at sangga, ay isasapi ang kaliwa ng sumasangga, at ang tabak ay magbibigay ng patama. Paang kanan ang nasa unahan sa sanggang ito, at ang patama ay sa panig ng mukha. Fig. 16 (A).



L. Cruz *P. Yambao*

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 17

2. Aldabis sa ilalim, sa itaas ang kaliwa. Fig. 17 (A).

SANGGA--Ang sangga ay urong ang paang kanan sabay palis ng tagang buhat sa kaliwa, patungong kanan sa ilalim ang daan, paglambas ng sangga ay sabay



L. Cruz *P. Yambao*

tutop ang kaliwa sa kamao ng tumataga, at ang kanan ay magbibigay ng patama sa dibdib ng tumataga, buhat sa kanan sa itaas ang daan. Fig. 17 (B).

(1) Saksak ng kaliwa ng tumataga, sabay hakbang ang paang kaliwa. Fig. 18 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis ng sandata, buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, sabay urong ang paang kaliwa, sabay sapi ang kaliwa sa kaliwang isinaksak; sa ibabaw ng kanang bisig ang daan. Paglampas ng

P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 18

P. Yambao *B. Mirafuente*

kanan sa dulo ng isinaksak ay magbibigay ng patama sa panig ng dibdib ng isang tagang alanganin, tuloy hila sa itaas. Fig. 18 (B).

3. Saboy, sa itaas ang kaliwa. Fig. 19 (A).

SANGGA—Ang sangga ay haharangin ng isang tagang papalis buhat sa itaas sa gawing kanan patungong kaliwa, sa ibaba ang daan, sa itaas ang kaliwa, sabay hugot ang katawan. Paglampas

P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 19

L. Cruz *P. Yambao*

ng sangga sa dulo ng sandata ng tumataga ay ibabalik ang patama na isang tagang aldabis sa itaas, sabay pasok ang katawan, tutop ang kaliwa sa kamao ng tumataga. Fig. 19 (B).

(2) Saksak ng balaraw ng tumataga. Fig. 20 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis ng sandata, buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata,



P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 20

paglampas ng sandata sa dulo ng isinaksak ay ibabalik ang patama sa dibdib ng tumataga, tuloy hila sa itaas. Fig. 20 (B).



P. Yambao *L. Cruz*

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 21

4. Bulusok ng dalawang kamay. Fig. 21 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng sandata buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan na tayo ang sandata, sabay tabig ng kaliwa sa ibabaw ng kanang bisig ang daan; paglampas ng sandata sa dulo ng isinangga ay ibabalik ang patama na isang tagang alanganin buhat sa gawing kaliwa. Ang patama ay sa ilalim ng kilikili ang daan at sa itaas ang tigil ng sandata. Fig. 21 (B).

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 22

5. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa, paikit ang katawan. Fig. 22 (A).

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"



L. Cruz *P. Yambao*

SANGGA—Ang sangga ay palis ng sandata, (tabak) buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, sabay ang hakbang ng paang kaliwa; paglampas ng kanan ay itatabig ang kaliwa, sa ibabaw ng kanang bisig ang daan, at ang kanan ay magbibigay ng patama buhat sa kaliwa patungong kanan, sa ilalim ng kilikili ang daan at sa itaas ang tigil ng sandata. Ang kaliwa ay nakahatang sa harap; paang kaliwa ang nasa unahan. Fig. 22 (B).

Ang tigil ng sandata ng tumataga ay sa ibaba, paang kanan ang nasa unahan.

Ang abakada ng limang taga na may sangga at patama, ay inilalarawan lamang ang ayos ng mga taga at sangga, gayon din ang panig o bahagi ng katawan ng kalaban na dapat patamaan. Hindi mailarawan ng panitik ang lubusang pagtatanggol ng magkabilang panig sa mga tiyak na patama at iyan ay maaaring makita lamang sa panahon na sadyang kinakailangan.

L. Cruz *P. Yambao*

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG APAT NA TAGA, BLG. IV.



L. Cruz *P. Yambao*

1. Buhat araw. Ang paang kanan ang nasa unahan at sa gawing likod ang balaraw.

SANGGA—Ang sangga ay tabig ng tabak buhat sa kaliwa, sa kamao ng tumataga at ang kaliwa (balaraw) ay nakasapi sa tapat ng ulo na tungo sa lupa ang anyo. Fig. 23 (B).



L. Cruz *P. Yambao*

2. Aldabis sa ilalim. Fig. 24 (A).

SANGGA—Ang sangga ay harang sa harap, buhat sa kaliwa patungong kanan sa ibaba ang daan at ang balaraw ay itututop sa kamao ng tumataga. Fig. 24 (B).

Saksak ng kaliwa ng tumataga.

Ang sangga ay tiklop ng kanan buhat sa gawing kanan patungong kaliwa na tuwad ang sandata kasunod na isasapi ang kaliwa sa ilalim ng kanang bisig ang daan at ang kanan ay magbibigay ng patama sa panig ng ulo, sa ibaba sa gawing kanan ang tigil ng sandata.



L. Cruz *P. Yambao*



P. Yambao *L. Cruz*

3. Saboy, sa itaas ang kaliwa. Fig. 26 (A).

SANGGA—Ang sangga ay pigil sa harap ng kanan na tungo sa lupa ang sandata, ang kaliwa ay tutop sa kamao ng tumataga. Fig. 26 (B).



P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 27

(2) Saksak ng kaliwa ng tumataga. Fig. 27 (A).

Sangga—Ang sangga ay tiklop na papalis ng kanan patungong kaliwa na tuwad ang sandata sabay ang tabig ng kaliwa at paglampas ng kanan sa dulo ng isinaksak ay ibabalik ang patama buhat sa kaliwa patungong kanan sa itaas ang daan. Fig. 27 (B).

4. Tagang San Miguel. Fig. 28 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata kasunod ang sapi ng kaliwa sa kamao ng tumataga at paglampas ng kanan sa dulo ng sandata ay ibibigay ang patama buhat sa kaliwa patungong kanan, sa ilalim ng kilikili ang daan tuloy sa itaas. Fig. 28 (B).

L. Cruz *P. Yambao*

Fig. 28

P. Yambao *L. Cruz*

Fig. 29

(3) Saksak ng kaliwa ng tumataga. Fig. 29 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tabig ng kaliwa na kasabay ang patama ng kanan sa panig ng ulo ng tumataga; tagilid ang katawan. Fig. 29 (B).

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG ANIM NA TAGA, BLG. V.



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 30

1. Buhat araw, sa dakong likod ang kaliwa. Fig. 30 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng kanan, buhat sa kanan patungongkaliwa sa itaas ang daan tuloy sa ibaba, at ang kaliwa ay itatabig sa kamao ng itinaga, sa ibabaw ng kanang bisig ang daan. Fig. 30 (B).

2. Aldabis sa ilalim, sabay hakbang ang paang kaliwa. Fig. 31 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng kanan buhat sa kaliwa patungong kanan sa ibaba ang daan sabay urong ang paang kanan at ang kaliwa ay itututop sa kamao ng tumataga. Fig. 31 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 31



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 32

(1) Saksak ng kaliwa ng tumataga. Fig. 32 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis ng kanan na tayo ang sandata at pagdating sa may gawing tagiliran ay huwag ibabalik agad, ang kaliwa ay isapi rin sa kaliwang isinaksak sa ibabaw ng kanang bisig ang daan. Fig. 32 (B).

3. Aldabis sa itaas; sabay urong ang paang kaliwa. Fig. 33 (A).

SANGGA—Ang salag ay payong na tayo ng kaunti ang sandata at ang kaliwa ay itatabig sa kamao ng tumataga. Kung ang tumataga ay uurong ng isang hakbang bago magbigay ng taga, ang sumasangga ay papasok ng isang hakbang na kasabay ang sangga. Kung ang tumataga ay pumasok ng isang hakbang bago magbigay ng taga, ang sumasangga ay uurong ng isang hakbang bago magbigay ng sangga (sa tagang aldabis sa itaas). Fig. 33 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 33



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 34

(2) Saksak ng kaliwa sabay hakbang ang paa. Fig. 34 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis ng sandata buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata; salubong ang kaliwa na itatabig sa kaliwang isinaksak, at ang kanan ay magbibigay ng patama sa dibdib ng tumataga, pigil sa itaas, kasabay ang urong ng paang kanan sa sanggang ito. Fig. 34 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

4. Saboy, sa itaas ang kaliwa. Fig. 35 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salikop ang kaliwa at kanan tungo sa lupa ang kaliwa at tayo ang kanan, sabay ang urong ng paa, o pagpalitin sa lugal. Fig. 35 (B).



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 35

B. Mirafuente *P. Yambao*

(3) Saksak ang kaliwa ng tumataga. Fig. 36 (A).

Sangga—Ang sangga ay sikwat ng kaliwa sabay saksak ang sandata sa dibdib ng tumataga (Tabak). Fig. 36 (B).

5. Saksak ang sandata (tabak) ng tumataga, sabay tabig ang kaliwa sa balaraw ng nananangga. Fig. 37 (A).



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 36

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

SANGGA—Ang sangga ay tiklop na papalis, buhat sa kanan patungong kaliwa, sa itaas ang daan.



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 37

maiiwan nakatutop sa kamao ng tumataga, sabay ang pasok ng paang kaliwa at ang sandata ay magbibigay ng patama, sabay alis ang kaliwa. Ang patama ay sa panig ng ulo, hanggang baywang ng tumataga. Fig. 38 (B).

Ang tigil ng sandata ng tumataga ay sa gawing kaliwa sa harap. At ang sumasangga ay sa unahan sa ibaba at sa itaas ang kaliwa.

P. Yambao *B. Mirafuente*

6. Tiklop na tihaya ang kamao, tuloy haklis, sabay urong ang paang kaliwa at ang taga sa itaas ay tuloy hila ang sandata sa may gawing tagiliran, sa ilalim ng kaliwang bisig. Fig. 38 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng dalawang kamay buhat sa kaliwa, patungong kanan sa itaas ang daan, nguni't ang kaliwa ay

B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 38

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Paliwanag—Ang abakada ng anim na taga ay tinatawag na pigil o "rumpido" ng unang panahon, sapagka't ang hakbang ng paa at indayog ng katawan ay may uring panggigipit sa kalaban at ang dating ng sandata ay may mga tiyak na patama na may halong pananggalang, at panggigipit sa sandata ng kalaban.

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG APAT NA TAGA, BLG. VI

1. Buhat araw. Fig. 39 (A).

SANGGA—Ang sangga ay sanggang-taga na salubungin sa ilalim ng bisig ng may tangang sandata buhat sa kanan patungong kaliwa at ang kaliwa ay nakasapi sa ibabaw ng ulo, na kasabay ang hakbang o pasok ng kanang paa, nguni't hakbang na patungo sa gawing kanan ng tumataga na kasabay ang paglihis ng katawan sa dating ng taga. Fig. 39 (B).



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 39



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 40

2. Aldabis sa ilalim. Fig. 40 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang papalis, buhat sa itaas sa gawing kanan patungong kaliwa, kasabay ang angat ng kanang paa; paglampas ng taga ay ibabalik ang

patama ng isang tagang pahulipas buhat sa kaliwa patungong kanan na kasabay ang bagsak ng kanang paa sa dako ring unahan, nguni't sa gawing kaliwa ng tumataga. Fig. 40 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 41

(1) Saksak ng kaliwa ng tumataga, kasunod ang hakbang ng paang kaliwa. Fig. 41 (A).

Sangga—ang sangga ay palis ng tabak buhat sa kanan patungong kaliwa, sa itaas ang daan na kasabay ang urong ng paang kanan.

Paglampas ng tagang papalis bilang sangga sa saksak ng balaraw, ay ibabalik ang patama sa dibdib ng tumataga buhat sa kaliwa patungong kanan. Fig. 41 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

3. Saboy. Fig. 42 (A).

SANGGA—Ang sangga ay isang tagang papalis buhat sa itaas sa gawing kaliwa patungong kanan sa ibaba ang daan kasabay ang angat ng paang kaliwa. Paglampas ng nasabing tagang papalis ay ibabalik agad ang patama sa panig ng ulo ng tumataga na buhat sa kanan patungong kaliwa at kasabay ang lagpak ng paang kaliwa sa dako ring unahan sa gawing kanan ng tumataga. Fig. 42 (B).



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 42



P. Yambao *B. Mirafuente*

4. Bartikal. Ang tagang bartikal ay kasabay ang urong ng paang kaliwa. Ito'y isang uri ng saksak ng kanang kamay. Fig. 43 (A).

SANGGA—Ang sangga ay harang na papalis, buhat sa gawing kanan patungong kaliwa, sa itaas ang daan na kasabay ang hakbang o pasok ng paang kanan at ang balaraw ay itatabig buhat sa kanan patungong kaliwa sa ibabaw ng kanang bisig ang daan, upang palihisin ang dating ng tabak ng tumataga. Paglampas ng tabig sa dulo ng sandatang itinaga ay magbibigay ng patama sa ilalim ng kilikili ng tumataga, buhat sa kaliwa patungong kanan, samantalang ang kaliwa ay manatiling nakasalag sa sandata ng tumataga. Fig. 43 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 43

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Ang bilang na ito'y kauri at kahawig ng tinatawag na A B C noong unang panahon, sapagka't ang hakbang at mga sangga na inilarawan dito'y ibang-iba at hindi katulad ng mga sangga at hakbang sa iba't-ibang abakada na inilalarawan sa kabuoan ng aklat na ito.

Ang A B C na tinatawag noong una ay tatlong lunan (lugal) lamang ang linalagpakan ng paa ng bawa't isa sa dalawang magkalaban na ang anyo ay tatlong sulok (triangulo) at ito man ay gayon din, kaya lamang ito ngayo'y mangyayaring maging apat ang lugal na linalagpakan ng paa, ay sapagka't gumamit ng isang saksak ng kaliwa at isang bartikal ng tabak, bilang ikaapat na taga.

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG PITONG TAGA, BLG. VII

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa una. Fig. 44 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang San Miguel kasabay ang paglihis ng katawan sa gawing kanan ng tumataga. Ang kaliwa ay salag sa tapat ng ulo. Paglampas ng sandata ay magbibigay ng tabig sa bisig ng tumataga. Paang kaliwa ang nasa unahan sa sanggang ito. Fig. 44 (B).



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 44



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 45

2. Aldabis sa ilalim, tuloy hila sa itaas ang sandata. Fig. 45 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong sa bisig buhat sa itaas sa gawing kaliwa, patungong ibaba sa gawing kanan na kasabay ang tabig ng kaliwa sa kanan ng tumataga, upang palihisin sa gawing kaliwa ang taga. Fig. 45 (B).

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

(1) Saksak ng kaliwa ng tumataga sabay hakbang ang paang kaliwa. Fig. 46 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, kasabay ang urong ng paang kaliwa, paglampas ng palis ay isasapi ang kaliwa upang itulak ang balaraw na isinaksak at ang kanan ay magbibigay ng patama sa panig ng dibdib ng tumataga, tuloy hila sa itaas sa gawing kanan. Fig. 46 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 46



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 47

3. Saboy, sa itaas ang kaliwang kamay. Fig. 47 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong sa bisig ng tagang buhat sa itaas na kasabay ang sapi ng kaliwa na tungo sa lupa ang dulo Fig. 47 (B).

(2) Tabig ng kaliwa ng tumataga sa tabak ng sumasangga. Fig. 48 (A).

Sangga—Ang sangga ay tabig din sa balaraw ng tumataga, at magsasagupa ang dalawang balaraw. Fig. 48 (B).



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 48

4. Tabaas talahib, sabay urong ang paang kaliwa. Fig. 49 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong ng isang tagang papalis buhat sa kanan, patungong kaliwa sabay hugot ang katawan at sa gawing likod ang kaliwa. Fig. 49 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 49



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 50

5. Tagang alanganin sa gawing kaliwa, kasunod ang hakbang ng paang kaliwa. Fig. 50 (A).

SANGGA—Ang sangga ay pasok ng isang hakbang kasabay ang sanggang harang na papalis buhat sa kaliwa patungong kanan na tayo ang sandata tuloy salo ng kaliwa. Fig. 50 (B).

6. Bulusok ng dalawang kamay na tagilid ang ayos ng katawan. Fig. 51 (A).

SANGGA — Ang sangga ay urong ang paang kaliwa kasabay ang palis buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, at sa itaas ang daan sabay hugot ang katawan at iyunat ang kaliwa sa gawing likuran. Fig. 51 (B).

P .Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 51

7. Haklis, sabay urong ang kaliwang paa tuloy ikit ang katawan, itigil ang sandata sa

SANGGA—Ang sangga ay pasok ng isang hakbang tuloy palis buhat sa kaliwa, patungong kanan na tayo ang sandata at paglampas



B. Mirafuente *P. Yambao*



B. Mirafuente *P. Yambao*

itaas sa gawing kanan at ang kaliwa ay sa ilalim ng kilikili. Fig. 52 (A).

ng kanan ay ibabalik ang patama sabay pasok ng isng hakbang. Fig. 52 (B).

Ang tigil ng sandata ng sumasangga ay sa ibaba sa gawing kanan.

Paliwanag—Ang mga sanggang inilarawan sa abakadang ito ay hindi pawang may kalakip na patama, nguni't sa pamamagitan ng abakadang ito ay matututuhan, kung paano ang paraan ng pagpasok at paghugot ng katawan, maging sa hakbang ng paa at indayog ng katawan. Ang abakadang ito'y naglalarawan pa rin ng ilan sa mga sining ng magandang anyo ng katawan sa paggamit ng sandata.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG LABINGDALAWANG TAGA, BLG. VIII

1. Buhat araw. Fig. 53 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tabig ng kaliwa at kanan, buhat sa kaliwa patungong kanan at pagdating sa bisig o sandata ng tumataga ay isasaksak sa dibdib ng tumataga ang kanan at ang kaliwa ay isasapi sa kamao ng tumataga, paang kaliwa ang nasa unahan. Fig. 53 (B).

B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 53

P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 54

2. Aldabis sa ilalim. Fig. 54 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong ng tagang saboy, kasabay ang diin ng kaliwa sa kamao ng tumataga. Hindi babaguhin ang hakbang. Fig. 54 (B).

(i) Saksak ng kaliwa ng tumataga. Fig. 55 (A.

Sangga—Ang sangga ay palis ng kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan, tigil sa gawing ilalim. Ang kaliwa ay maiiwang nakasalag sa balaraw ng tumataga sa itaas. Fig. 55 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*

3. Aldabis sa itaas. Fig. 56 (A).

SANGGA—Ang sangga ay pa-yong ng sandata na tayo ng kaun-ti, tuloy hawi ng kaliwa sa kamao ng tumataga. Fig. 56 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 55



P. Yambao *B. Mirafuente*

(2) Saksak ang kaliwa ng tu-mataga sabay hakbang ang paang kaliwa. Fig. 57 (A).

Sangga—Ang sangga ay tabig buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, sabay tulak ng kaliwa sa ibabaw ng kamao

ang daan, paglampas ng kanan sa dulo ng isinaksak ay ibabalik ang patama sa ilalim ng kilikili ang daan. Fig. 57 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 56

4. Saboy, sa itaas ang kaliwa. Fig. 58 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis buhat sa itaas sa gawing kanan patungong ibaba sa gawing kaliwa, nguni't pagdating sa harap ay ttigil, sabay tutop ang kaliwa sa kamao ng tumataga. Fig. 58 (B



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 57



B. Mirafuente *P. Yambao*

(6) Saksak ang kaliwa ng tumataga. Fig. 59 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, kasunod ang

tabig ng kaliwa ng sumasangga, upang itabig sa kaliwang isinaksak, tigil ang kanan ng sumasangga pagdating sa ibaba. Fig. 59 (B).

B. Mirafuente *P. Yambao*

5. Tagang San Miguel, kasunod ang urong ng paang kaliwa. Fig. 60 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tabig buhat sa gawing kaliwa sa ibaba, patungong kanan sa itaas, pagsasalubong ng taga at sangga'y isunod ang pasok ng paang kaliwa o pagpalitin sa (lugal). Fig. 60 (B).

B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 60



B. Mirafuente *P. Yambao*

Fig. 61

6. Saksak sa gawing kaliwa ang sandata ng tumataga, sabay pasok ang paang kanan. Fig. 61 (A).

SANGGA—Ang sangga ay saksak din ng kanan sa dibdib ng tumataga, sabay tabig ng kaliwa sa dulo ng isinaksak, karga sa una ang katawan. Fig. 61 (B).

7. Haklis, sabay hugot ang katawan. Fig. 62 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang pasumala buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan. Fig. 62 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 62

8. *Bunot* Kaluban, sabay pasok ang katawan na hindi hahakbang ang paa. Fig. 63 (A).

SANGGA—Ang sangga ay harang na tayo ang sandata sabay tabig ng kaliwa ng sumasangga. Fig. 63 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*
Fig. 63



P. Yambao *B. Mirafuente*
Fig. 64

(1) Saksak ang kaliwa ng tumataga. Fig. 64 (A).

Sangga—Ang sangga ay tabig ng kaliwa buhat sa kanan patungong kaliwa na tuwad ang sandata. Fig. 64 (B).

9. Haklis, sabay hugot ang katawan. Fig. 65 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang pasumala buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan. Fig. 65 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*
Fig. 65

10. Hulipas, sabay pasok ang paang kaliwa. Fig. 66 (A).

SANGGA—Ang sangga ay payong na hapay ang sandata, buhat sa gawing kaliwa, sabay urong ang paang kaliwa. Fig. 66 (B).



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 66



P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 67

11. Bulusok ng dalawang kamay. Fig. 57 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salikop ng kaliwa at kanan sabay tabig buhat sa kanan patungong kaliwa; pagsasalubong ng bulusok at sangga ay ibibigay ang patama buhat sa itaas sa gawing kaliwa. Fig. 67 (B).

12. Haklis, sabay hugot ang katawan. Fig. 68 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang pasumala, buhat sa kaliwa patungong kanan, sabay pasok ang paang kaliwa. Fig. 68 (B).

P. Yambao *B. Mirafuente*

Fig. 68

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Ang tumataga naman ay sa gawing likuran ang kanan sa ilalim ng kilikili ng kaliwa at sa itaas ng kaliwang kamay.

Ang tigil ng sandata ay sa ibaba ng kanan sa gawing kaliwa at sa itaas ang kaliwang kamay.

Ang mga sanggang inilarawan sa abakadang ito ay pawang malapit, at ang mga taga ay nasa katamtamang agwat.



P. Yambao *B. Mirafuente*

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG SIYAM NA TAGA, BLG. IX



L. Cruz *J. Aclan*

Fig. 69

1. Buhat araw, paang kanan ang nasa una. Fig. 69 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng dalawang kamay buhat sa kaliwa patungong kanan at paglampas ng kanan ay ibabalik ang patama na isang tagang San Miguel, sabay taas ang kaliwa. Paang kaliwa ang nasa una. Fig. 69 (B).

2. Aldabis sa ilalim. Fig. 70 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong sa bisig ng tumataga, buhat sa kaliwa patungong kanan sa itaas ang daan at pagsasalubong taga at sangga ay itututop ang balaraw sa kamao ng tumataga. Fig. 70 (B).



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 70

3. Aldabis sa itaas, paang kanan ang nasa unahan. Fig. 71 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng sandata (tabak) buhat sa kaliwa patungong kanan sa itaas ang daan; ang kaliwa ay isasapi sa kamao ng tumataga. Fig. 71 (B)



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 71



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 72

(1) Saksak ng kaliwa ng tumataga, sabay hakbang ang paang kaliwa. Fig. 72 (A).

Sangga—Ang sangga ay tabig buhat sa kanan patungong kaliwa, kasabay ang urong ng paang kaliwa, paglampas ng kanan ay ibabalik ang patama sa ilalim ng kilikili tuloy sa itaas ang tigil. Fig. 72 (B).

J. Aclan *L. Cruz*

4. Saboy. Fig. 73 (A).

SANGGA—Ang sangga ay bagsak ng dalawang kamay buhat sa itaas sa gawing kanan, sabay hugot ang katawan; pagdating sa



L. Cruz *J. Aclan*

Fig. 73

J. Aclan *L. Cruz*

ibaba ay magbibigay ng patama buhat sa kaliwa patungong kanan, sa panig ng ulo ang patama. Fig. 73 (B).

(2) Saksak ng kaliwa ng tumataga. Fig. 74 (A).

Sangga—Ang sangga ay palis buhat sa kanan patungong kaliwa na tayo ang sandata, kasunod ang kaliwa na isasapi sa kamao ng isinaksak, at paglampas ng kanan ay ibabalik ang patama, sa ilalim ng kilikili ang daan Fig. 74 (B).

J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 74

J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 75

5. Tagang San Miguel. Fig. 75 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salubong ng sandata, buhat sa kanan patungong kaliwa, pagsasalubong ng sandata ay itiklop ang sandata ng sumasangga na kasabay ang pagpapalit ng paa, tuloy tabig ng dalawang kamay buhat sa kaliwa patungong kanan. Fig. 75 (B).



J. Aclan *L. Cruz*



L. Cruz *J. Aclan*

Fig. 76

6. Saksak ng kanan (tabak) sa gawing kaliwa kasabay ang pagpalit ng paa. Fig. 76 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tabig ng kaliwa kasabay ang saksak ng kanan. Hindi magbabago ng hakbang. Fig. 76 (B).

7. Hulipas, sabay pasok ang paang kaliwa. Fig. 77 (A).

SANGGA—Ang sangga ay hahang na papalis ng kanan, buhat sa kaliwa patungong kanan na hapay ang sandata, kasabay ang urong ng paang kaliwa. Fig. 77 (B).

J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 77



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 78

8. Bulusok ng dalawang kamay (Tabak at Balaraw). Fig. 78 (A).

SANGGA—Ang sangga ay salikop na papalis ng kaliwa at kanan, paglampas ng sandata ay magbibigay ng patama, buhat sa kaliwa patungong kanan, sa ibabaw ang daan, sa ibaba ang tigil ng sandata. Fig. 78 (B).

9. Saboy, sabay urong ang paang kaliwa. Fig. 79 (A).

SANGGA—Ang sangga ay bagsak na papalis ng sandata sabay hugot ang katawan, at itaas ang paang kanan. Paglampas ng taga

L. Cruz *J. Aclan*

Fig. 79

ay ibabalik ang patama buhat sa kaliwa patungong kanan sabay pasok ang katawan at ang bagsak ng paa. Fig. 79 (B).

L. Cruz *J. Aclan*

TAGA AT SANGGA SA ABAKADA NG SAMPONG TAGA, BLG. X



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 80

Ang abakadang ito ay tuloy na lahat ang dating ng sandata at ginagamit sa labanang malayuan.

1. Tagang San Miguel, una ang paang kaliwa. Fig. 80 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis, buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan, kasabay ang hugot ng katawan at paang kanan ang nasa unahan. Fig. 80 (B).

2. Aldabis sa ilalim, kasunod ang hakbang ng paang kanan. Fig. 81 (A).

SANGGA—Ang sangga ay isang tagang haklis sa kamao ng tumataga sabay urong ang paang kanan. Fig. 81 (B).



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 81

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

3. Saboy, kasabay ang hakbang ng paang kaliwa. Fig. 82 (A).

SANGGA—Ang sangga ay palis ng isang tagang buhat sa itaas sa gawing kanan patungong kaliwa kasabay ang urong ng paang kaliwa, hugot ang katawan. Pag-

J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 82

J. Aclan *L. Cruz*

lampas ng sandata ay ibabalik ang patama na isang tagang hulipas, sabay tutop ang kaliwa. Fig. 82 (B).

4. Bulusok ng dalawang kamay. Fig. 83 (A).

SANGGA—Ang sangga ay bagsak ng isang tagang papalis buhat sa itaas sa gawing kanan, patungong kaliwa, paglampas ng sang-



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 83

ga sa dulo ng sandata ng tumataga, ay ibabalik ang patama, buhat sa kaliwa patungong kanan, sa itaas ang tigil ng tabak. Fig. 83 (B).



J. Aclan *L. Cruz*

J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 84

5. Haklis, sabay urong ang paang kaliwa. Fig. 84 (A).

SANGGA—Ang sangga ay isang tagang pasumala, buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan, sabay pasok ang paang kaliwa. Fig. 84 (B).

6. Saksak ng tabak sa gawing kaliwa na kasama ang indayog ng katawan. Fig. 85 (A).

SANGGA—Ang sangga ay paiis ng isang tagang alanganin sa gawing kaliwa, buhat sa kaliwa patungong kanan, kasunod ang kaliwa na itatabig sa dulo ng isinaksak. Fig. 85 (B).

J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 85

7. Haklis, sabay hugot ang katawan. Fig. 86 (A).

SANGGA—Ang sangga ay sasalubungin ng isang tagang pasumala, buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan. Fig. 86 (B).



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 86



L. Cruz *J. Aclan*

Fig. 87

8. Hulipas, nguni't hindi ipapasok ang paang kaliwa, at ang kaliwang kamay ay sa harap. Fig. 87 (A).

SANGGA—Ang sangga ay maaaring payong o harang na hapay ang sandata, kasunod ang palis ng kaliwa. Fig. 87 (B).

9. Bulusok ng isang kamay, kasabay ang talon o lukso ng isang hakbang nguni't hindi pagpapalitin ang paa, at hindi isasayad ang paang kaliwa. Fig. 88.

SANGGA—Ang sangga ay tabig o palis ng kaliwa na tuwad ang balaraw at ang tabak ay saksak ng kanan sa dibdib, ang patama, sabay talon ng isang hakbang na paurong. Fig. 88 (B).



J. Aclan *L. Cruz*

10. Haklis, sabay hugot ang katawan, ilapag ang paang kaliwa at urong ng isang hakbang tuloy pihit ang katawan. Fig. 89 (A).

SANGGA—Ang sangga ay tagang pasumala buhat sa kanan patungong kaliwa sa itaas ang daan, sabay pasok ang paang kaliwa na kasunod ang kanan. (Dalawang hakbang ang gagawin). Pagpasok ng paang kanan ay kasabay ang isang tagang hulipas. Fig. 89 (B).



J. Aclan *L. Cruz*

Fig. 89



L. Cruz *J. Aclan*

Ang tigil ng sandata ng sumasangga ay sa gawing kanan sa ibaba at sa itaas ang kaliwa.

Pagkatapos na mapagaralan ang iba't-ibang bahaging inilalarawan sa unahan ng aklat na ito, ay isusunod namang pag-aralan at pagsanayan ang pagharap sa labanan at ang "taktika" o paraan ng pagpasok at pag-ilag sa kalaban, upang matamo ang ganap na tagumpay sa pamamagitan ng maaari nating tawaging "tunay" na sining ng larong arnis.

SA HARAP NG KALARO O KALABAN



Placido Yambao

Fig. 90

Mga anyo at sining ng pagtatanggol sa harap ng kalaban alinsunod sa kanikanyang abakada.

Unang anyo—Una ang paang kanan, nakatayo sa itaas ang tabak at nakaharang sa tapat ng dibdib ang kaliwa, balaraw. Fig. 90.

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Buhat araw	—Sabay hugot ang katawan, paang kanan ang nasa unahan;
2. Tagang Alanganin sa gawing kaliwa	—Sabay pasok ang katawan, nguni't hindi hahakbang ang paang kaliwa;
3. Saksak ng tabak sa gawing kanan	—Sabay lukso, nguni't hindi pagpapalitin ang paa;
4. Haklis	—Sabay hugot ang katawan;
5. Hulipas	—Sabay pasok ang paang kaliwa; at,
6. Saboy	—Sabay urong ang paang kaliwa, pihit ang katawan kasunod ang isang hakbang na paurong ng paang kanan.

Ikalawang Anyo—Una ang paang kaliwa; ang tabak ay nakatungo sa harap, sa ibaba at sa gawing kaliwa; ang balaraw ay sa itaas. Fig. 91. Ang sumusunod ay mga taga sa anyong ito.

Placido Yambao

Fig. 91

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Aldabis sa ilalim	—Sabay hakbang ang paang kanan;
2. Haklis	—Sabay hugot ang katawan;
3. Hulipas	—Kasunod ang hakbang ng paang kaliwa;
4. Bulusok ng kaliwa't kanan	—Kasabay ang pagtagilid sa gawing kanan;
5. Haklis	—Kasabay ang urong ng paang kaliwa, pihit ang katawan, kasunod ang isang hakbang na paurong ng paang kanan.

Ikatlong Anyo—Una ang paang kanan; nasa gawing kanan ang tabak na tungo sa lupa ang dulo samantalang nakaharang ang kaliwang bisig sa tapat ng dibdib at ang balaraw ay nakatayo sa gawing kanan. Fig. 92. Pitong taga ang gagamitin sa anyong ito.

Placido Yambao

Fig. 92

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Tagang San Miguel	—Sabay hakbang ang paang kaliwa;
2. Tabas Talahib	—Kasunod ang hugot ng katawan at urong ng kalahating hakbang ang paang kaliwa;
3. Aldabis sa ilalim	—Sabay hakbang ang paang kanan;
4. Haklis	—Sabay hugot ang katawan;
5. Hulipas	—Kasunod ang hakbang ng paang kaliwa;
6. San Miguel	—Paang kanan ang nasa una; at,
7. Tabas talahib	—Kasunod ang urong ng paang kaliwa; pihit ang katawan na kasunod ang isang hakbang na paurong ng paang kanan.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Ika-Apat na Anyo—Una ang paang kaliwa, karga sa una ang katawan; tayo ang tabak sa harap sa gawing kaliwa, at ang kaliwa naman ay nasa itaas, sa tapat ng ulo. Fig. 93. Limang taga ang nasa kaayusang ito ng katawan.

Placido Yambao

Fig. 93

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Haklis	—Sabay hakbang ang paang kanan;
2. Hulipas	—Sabay hakbang ang paang kaliwa;
3. Saboy	—Sabay urong ng kalahating hakbang ng paang kaliwa;
4. Aldabis sa itaas	—Sabay hakbang ang paang kanan, kasunod ang kaliwa;
5. Saboy	—Sabay hugot ang katawan, pihit ang katawan na kasunod ang isang hakbang na paurong ng paang kanan.

Ika-Limang Anyo—Una ang paang kanan; karga sa paang kaliwa ang katawan; nasa itaas ang kaliwang kamay sa gawing likuran at ang kanan (tabak) ay nasa ilalim ng kaliwang bisig. Fig. 94. Anim na taga ang kalakip ng anyong ito.

Placido Yambao

Fig. 94

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Aldabis sa ilalim	—Kasunod ang hakbang ng paang kaliwa;
2. Saboy	—Kasunod ang urong ng isang hakbang ng paang kaliwa, o pasok ng kanan;
3. Hulipas	—Kasunod ang hakbang ng paang kaliwa;
4. San Miguel	—Sabay pasok at hugot ng katawan, karga sa unahan;
5. Aldabis sa ilalim	—Kasabay ang hakbang ng paang kanan, at
6. Haklis	—Sabay hugot ang katawan, pihit na kasabay ang urong ng isang hakbang ng paang kanan.

Ika-Anim na Anyo—Una ang paang kaliwa, karga sa huli ang katawan, ang tabak ay nasa itaas, sa gawing kanan; ang kaliwa (balaraw) ay nasa ilalim ng kilikili ng kanan. Fig. 95. Ilalarawan dito ang pitong taga.

Fig. 95

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Saboy	—Sabay pasok ang katawan;
2. Aldabis sa ilalim	—Sabay hakbang ang paang kanan;
3. Sablay	—Sabay hugot ang katawan;
4. Hulipas	—Kasunod ang hakbang ng paang kaliwa, nguni't huwag ilalapag ang paa;
5. Tagang San Miguel	—Sabay bagsak ang paang kaliwa sa unahan;
6. Aldabis sa ilalim	—Sabay pasok ng isang hakbang ang paang kanan;
7. Haklis	—Sabay hugot ang katawan, ikit ng katawan, kasunod ang isang hakbang na paurong ng paang kanan.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

Ika-Pitong Anyo—Paang kanan ang nasa unahan, karga sa hulihan ang katawan, nasa ibaba ang tabak, sa gawing kaliwa; at ang balaraw ay nasa itaas sa gawing hulihan, at isunod ang mga tagang ito:

Fig. 96

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Aldabis sa itaas	—Sabay pasok ang katawan;
2. Tagang San Miguel	—Sabay hakbang ang paang kaliwa;
3. Tabas Talahib	—Kasunod ang urong ng kalahating hakbang ng paang kaliwa;
4. Aldabis sa ilalim	—Sabay hakbang ang paang kaliwa; at,
5. Haklis	—Sabay hugot ang katawan, ikit, kasunod ang isang hakbang na paurong ng paang kanan.

Ika-Walong Anyo—Una ang paang kaliwa, karga sa huli ang katawan, ang tabak ay nasa ibaba, sa gawing hulihan, at ang kaliwa ay nasa itaas, sa may balikat ng kanan. Sa ayos na ito na bilang ikawalong katayuan sa harap ng kalaban ay dala ang limang taga. Fig. 97.

Fig. 97

Mga Taga	*Paraan ng Paggamit*
1. Tagang San Miguel	—Sunod ang hakbang ng paang kaliwa;
2. Haklis	—Kasabay ang hugot ng katawan at urong ng isang hakbang;
3. Hulipas	—Sabay hakbang ang paang kaliwa;

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

4. Tabas talahib —Kasunod ang urong ng paang kaliwa, kalahating hakbang; at,

5. Haklis —Kasabay ang hugot ng katawan at urong ng isang hakbang ang paang kaliwa.

Ang lahat ng kaayusan na nasusulat sa unahan, ay pawang mahalaga at hindi dapat kaligtaan kailan man, samantalang nasa harap ng kalaban, at dapat gamitin sa lahat ng ikikilus, igagalaw ng katawan at sandata, hanggang hindi tumitigil.

ANG BATAS NG ARNIS

1. Maglalaban sa pamamagitan ng DUNONG at SINING NG ARNIS.

2. Magpapatamaan, mula sa ulo hanggang paa, nguni't bawal ang saksak sa panig ng mukha, hanggang leeg, gayon din sa may lugar ng puson.

3. Bawal ang magpatama sa kalaban na malaglagan o mawalaan ng sandata.

4. Bawal ang pikwat, sapagka't ang pikwat ay hindi isang uri ng taga na may pangalan at hindi rin saksak.

5. Bawal ang magpatama ng puno o puluhan ng sandata.

6. Bawal na salakayin o tagain ang sinomang mabuwal sa dalawang naglalaban.

7. Bawal na paluin o tagain ang nakatalikod sa kalaban, tangi lamang ang biglang tumalikod sa panahon ng paglalaban.

8. Bawal ang yumakap at ihampas ang kalaban.

9. Bawal ang manipa, manunggab, manuhod, manuntok, maniko at manuwag ng kalaban.

10. Ang mabuwal sa labanan at malaglagan ng sandata ay "puntos" na dapat mapadagdag sa kalaban.

11. Ang makatama ng paul na hindi sinasadya ay mababawasan ang puntos niya sa kalaban, nguni't ang sinadya na magpatama o nakagawa ng anomang bagay na labag sa BATAS o PALATUNTUNAN ng Arnis na mapagkilala ng tagapamagitan o reperi o ng tagapamahala gayon din ng bayang manunuod ay hahatulan ng ayon sa bigat ng nagawang kasalanan.

12. Tapusin ang "round" na paglalabanan bago bitawan ang sandata at ang sinomang hindi makatagal ay bahalang magpasiya ang tagahatol.

13. Ang malaglagan o maagawan ng kalaban ng sandata ay mababawasan ang puntos na gaya ng sumusunod:

a) Kung isa ang malaglag o maagaw ay isang "punto" (1).

b) Kung dalawa, ay dalawang "puntos" (2).

14. Ang mabuwal sa labanan o maibuwal ng kalaban ay mababawasan ng dalawang "puntos" (2).

15. Ang tumaga sa kalaban na nakabuwal o sa nalaglagan ng sandata, kung hindi nakapinsala ay mababawasan lamang ng dalawang (2) "pun-

tos"; kung nakapinsala naman, nguni't hindi gaanong malaking bagay, ang kahulihulihan na maaaring ipasiya, alinsunod sa akibat na kapangyarihan at karapatan ng "reperi" at mga "hurado," ay ipatalo, nguni't, kung ang nagawang paglabag sa Batas o Palatuntunan ay sadyang nakapinsala ng malaking bagay sa kalaban, ay tungkulin at karapatan ng tagapamahala na ilipat sa hukuman ng Pamahalaan at gawin ang kaukulang paguusig sa sinomang naglalaro na hindi sumunod at gumalang sa nasabing Batas o Palatuntunan; ang "reperi" at mga "hurado" ay magiging bilang saksi ng paguusig.

16. Ang sumaksak sa panig ng mukha, gayon din sa lugar ng puson, maging kaliwa o kanan (Balaraw o Tabak) ay mababawasan ng dalawang (2) "puntos," kung hindi makapinsala sa kalaban.

17. Ang magpatama ng puno o puluhan ng sandata, ang manipa, manuhod, manuntok, maniko, alin man sa lahat ng iyan, ay "puntos" na maaalinsunod sa pasya ng "reperi" at mga "hurado," kung hindi nakapipinsala, nguni't kung nakapinsala, alin man sa lahat ng iyan ay masasaklaw ng tuntuning ikalabing lima (15), at gamitin ang akibat na karapatan at kapanyarihan ng "reperi" at mga "hurado," alinsunod sa kanilang tungkulin, lalong-lalo na ang taga-pamahala ng laro.

TUNGKULIN NG TAGAHATOL—REPERI

1. Pamagitanan ang dalawang naglalaban at bantayan ang mga galaw ng bawa't isa sa kanila.

2. Humatol sa natapos na labanan ng hatol na ibabatay sa Palatuntunan o Batas ng Arnis.

3. Igawad ang karapatan ng tagahatol "reperi" sa mga naglalaban na hindi makatagal sa itinadhanang "round."

4. Sinuman sa naglalaban ang makagawa ng labag sa Batas ng Arnis na mapagkilala ng tagahatol o "reperi" at mga "hurado," gayon din ng bayang manunuod, kung nakapinsala sa kalaban, ay hindi dapat pagpasiyahan ng "reperi", nguni't patutunayan ang tunay na nangyari, maging sa hukumang bayan.

5. Ang magpatama ng "paul" na hindi sinasadya ay ang tagahatol ang may karapatan sa pagbabawas at pagdagdag ng "puntos," alinsunod sa pangyayaring nasaksihan.

6. Ang tagahatol o "reperi" ang may kapangyarihan sa makatama ng "paul" na hindi sinasadya, sa malaglagan ng sandata, at sa nabuwal sa labanan at sa iba't-iba pang bagay na nangangailangan ng kanyang pasya.

7. TAGUBILIN—Bago ganapin ang tungkulin ay patunayan ang malinis na pagtupad sa maselang tungkulin sa pamamagitan ng paglagda ng pangalan sa harap ng tagapamahala ng labanan.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

TUNGKULIN NG MGA HURADO

Sa tagdang panaho ng labanan ng Arnis ay ang tagahatol o reperi ang mamamagitan at gagawa ng lahat ng kailangang gawin ayon sa kanyang tungkulin at karapatan. Nguni't kung magkaroon ng anumang bagay na hindi ipagkakaunawaan ng naglalaban at ng taga pamagitan, gayon din ng bayang manunuod, anumang kaguluhang mangyayari sa oras ng labanan, ay ang mga "hurado" ang tanging may karapatang humatol at magpasya sa ilalim ng kanilang mga batayan at katuwirang ilalahat sa harap ng bayan na iyaalinsunod sa palatuntunan o batas ng Arnis.

BALARILA NG ARNIS

Ang pakikipagusap sa pamamagitan ng sandata:

1. Paghawak ng sandata ay ipaspas ng isang paikit sa gawing kaliwa patungong ibaba at pagdating sa harap ay ibukas ang dalawang bisig, pantay ang paa at itayo ang sandata sa tapat ng mukha.

Kahulugan—Bumabati at nakikikamay sa kalaban o kalaro.

2. Kung ipaspas ng dalawang paikit sa magkabilang tagiliran ang kanan, saka itiklop ang dalawang sandata sa ilalim ng kilikili, tuloy itayo sa tapat ng mukha.

Kahulugan—Nagtatanong kung anong uri ng arnis ang paglalabanan o paglalaroan.

3. Pagtaga ng bunot-kalaban patungong itaas na ang kaliwa ay nasa ilalim ng kilikili ng kanan, paang kanan ang nasa unahan, pagdating sa itaas ng sandata ay ibaba ang kamao ng pantay baywang at isapi sa kamao ang kaliwa na tayo ang dulo iyurong ang paang kanan at ang kaliwa ay itaas sa tapat ng ulo at karga sa una ang katawan.

Kahulugan—Pagpapakitaan ng iba't ibang anyo ng pananandata ng mga taga at sangga (muestrasion).

4. Tagang buhat araw, paang kanan ang nasa una, isapi sa kamao ng kaliwa at iyurong ang paang kanan, karga sa unahan, sa gawing kaliwa na tayo ang sandata at ang kaliwa ay itaas sa tapat ng ulo, hakbang ang paang kanan, aldabis sa ilalim at saboy, sabay hakbang ang paang kaliwa, itayo sa tapat ng mukha ang sandata at pagpantayin ang paa.

Kahulugan—Sangga at patama ang ating paglalabanan o paglalaroan (Defensa Opensiba).

5. Paspas ng dalawang paikit sa magkabilang tagiliran, una ang paang kanan, tigil sa ibaba sa gawing kaliwa, urong ang kanan, iyayos ng nakapinid sa harap na tayo ang kanan at tuwad ang kaliwa na naka patong sa kamao ng kanan, urong ang paang kaliwa na hindi babaguhin ang kamay, nguni't ang kaliwa ay tutuwid sa kalaban.

Kahulugan—Labanang malapitan ang paglalabanan o paglalaroan.

"MGA KARUNUNGAN SA LARONG ARNIS"

6. Paliligiran ng paikit ang boong katawan paghinto, ay ipupundo sa harap na tungo sa lupa ang kanan at tayo ang kaliwa na naka pinid sa harap, una ang paang kanan, haklis, sabay ikit ang katawan at urong ng isang hakbang sabay saboy at urong ang paang kaliwa, itigil ang sandata sa kaliwang tagiliran at sa itaas ang kaliwa.

Kahulugan—Ang ibig sabihin ay labanang tutuhanan (larga muton) at kung sa laruan ay labang malayuan (larga mano).

7. Kung isang paspas o paikit sa gawing kaliwa at isa sa gawing kanan, paang kanan ang nasa unahan, pagdating sa harap ay ibukas ang dalawang bisig at pagpantayin ang paa, itaas ng patayo ang sandata at sa ilalim ang balaraw, iyuna ang paang kanan.

Kahulugan—Sangayon ako o sumasagot ng "oo" sa hinihiling ng kalaban o kalaro.

8. Isang paikit sa gawing kaliwa at isa sa gawing kanan, tuloy sa gawing likod ang dalawang kamay, pantay ang paa, panggagaling sa likod ay ihalukipkip sa harap at umurong ng isang hakbang.

—Kahulugan—Ayaw o hindi ako sumasangayon sa iyong kahilingan na ating paglalabanan o paglalaruan.

Ang BALARILA NG ARNIS o ang paguusap sa pamamagitan ng sandata ay walong bagay, lamang, alinsunod sa may akda nito kung magkaharap ang dalawang maglalaro o maglalaban, upang magkaunawaan kung anong ayos o sining ng arnis ang pagbabatayan ng laro o laban, at ang iba't-iba pang bagay na kailangang malaman ng mga magaarnis ay nasasaysay sa iba't-ibang bahagi sa kabuoan ng aklat na ito.